Exodus 5:5 Pagkatapos ay sinabi ng hari, "Maraming Israelita. At hinahadlangan ninyo ang mga tao sa pagtatrabaho."

Exodus 5:6 That day the king ordered the masters to force the Israelites to work harder.

Exodus 5:6 Sa araw na iyon, inutusan ng hari ang mga tagapangasiwa na pilitin ang mga Israelita na magtrabaho nang mas mabigat.

Exodus 5:7 The king said to the masters, "When the Israelites make bricks, don't give straw to them. The Israelites have to gather the straw to make bricks.

Exodus 5:7 Sinabi ng hari sa mga tagapangasiwa, "Kapag gumagawa ang mga Israelita ng mga laryo, huwag ninyo silang bigyan ng dayami. Dapat nilang tipunin ang dayami upang gumawa ng mga laryo.

Exodus 5:8 But the Israelites must continue making a same number of brick each day. Don't allow the Israelites to make fewer bricks. The Israelites are lazy. So they say, "Let us go so that we could offer sacrifices to our God."

Exodus 5:8 Ngunit dapat magpatuloy makagawa ang mga Israelita ng parehong bilang ng mga laryo sa bawat araw. Huwag ninyong payagan ang mga Israelita na gumawa ng kakaunting laryo. Tamad ang mga Israelita. Kaya't sinasabi nila, "Pabayaang mong umalis kami upang bigyan namin ng mga alay ang aming Diyos."

Exodus 5:9 So make the Israelites work harder. Force the Israelites to continue working. Then the Israelites will stop listening to Moses."

Exodus 5:9 Kaya't gawin ninyong magtrabahong mas mabuti ang mga Israelita. Pilitin ninyo ang mga Israelita na patuloy na magtrabaho. Pagkatapos ay titigil na silang pakinggan si Moises."

Exodus 5:10 So the masters went to the Israelites and said to them, "The king says, "I won't continue giving straw to you.

Exodus 5:10 Kaya't pumunta ang mga tagapangasiwa sa mga Israelita at sinabi, "ipinasasabi ng hari, "Hindi ako magpapatuloy magbigay ng dayami sa inyo.

Exodus 5:11 Go and gather straw. But you must continue making a same number of brick."'"

Exodus 5:11 Lumakad kayo at manguha ng mga dayami. Ngunit dapat kayong makagawa ng parehong bilang ng mga laryo."'"

Exodus 5:12 So the Israelites started searching for straw throughout Egypt.

Exodus 5:12 Kaya't nagsimulang maghanap ang mga Israelita ng dayami sa buong Egipto.

Exodus 5:13 The masters continued forcing the Israelites to work harder. They said, "You must continue making a same number of brick each day."

Exodus 5:13 Nagpatuloy pilitin ng mga tagapangasiwa ang mga Israelita na magtrabaho nang mas mabigat. Sinabi nila, "Dapat magpatuloy kayong makagawa ng parehong bilang ng mga laryo sa bawat araw."

Exodus 5:14 Previously the masters who worked for the king chose certain Israelites to lead groups of slaves. When the slaves made fewer bricks, they beat those Israelite leaders. They said to those Israelite leaders, "Why are you making fewer bricks?"

Exodus 5:14 Noong una ay nagtalaga ng ilang mga Israelita ang mga tagapangasiwang nagtrabaho sa hari para pangunahan nila ang grupo ng mga alipin. Kapag gumawa ang mga alipin ng kaunting laryo, binubugbog nila ang mga pinunong Israelita. Sinabi nila sa mga pinunong Israelita, "Bakit kayo gumagawa ng kakaunting laryo?"

Exodus 5:15 Then the Israelite leaders went to the king and asked him, "Why are you treating your servants badly?"

Exodus 5:15 Pagkatapos ay pumunta ang mga pinunong Israelita sa hari at tinanong siya, "Bakit tinatrato mo nang masama ang iyong mga alipin?"

Exodus 5:16 You stopped giving straw to us. But you command us to continue making a same number of brick. Then the masters beat us because we make fewer bricks. But we are working hard. Your masters must start giving straw to us again."

Exodus 5:16 Tumigil kayong magbigay sa amin ng dayami. Ngunit inuutusan mo kaming patuloy na gawin ang parehong bilang ng mga laryo. Pagkatapos ay binubugbog kami ng mga tagapangasiwa dahil kakaunti ang nagagawa naming laryo. Ngunit nagtatrabaho kaming mabuti. Dapat ay magsimula na muling magbigay sa amin ang iyong mga tagapangasiwa ng dayami."

Exodus 5:17 The king said, "You're lazy! You don't want to work. So you say to me, "Let us leave Egypt so that we could offer sacrifices to our God."

Exodus 5:17 Sinabi ng hari, "Mga tamad kayo! Ayaw ninyong magtrabaho. Kaya't sinasabi ninyo sa akin, "Pabayaan mong umalis kami sa Egipto upang bigyan namin ng mga alay ang aming Diyos."

Exodus 5:18 You must continue working! We won't give straw to you. But you must continue making a same number of brick."

Exodus 5:18 Dapat kayong patuloy na magtrabaho! Hindi namin kayo bibigyan ng dayami. Ngunit dapat patuloy kayong makagawa ng parehong bilang ng mga laryo."

Exodus 5:19 After the king said, "You must continue making a same number of brick each day," The leaders of the Israelites became afraid.

Exodus 5:19 Matapos sabihin ng hari, "Dapat patuloy kayong makagawa ng parehong bilang ng mga laryo sa bawat araw," Natakot ang mga pinunong Israelita.

Exodus 5:20 After the leaders left the king, Moses and Aaron were waiting to meet them.

Exodus 5:20 Matapos iwan ng mga pinuno ang hari, naghihintay sina Moises at Aaron upang katagpuin sila.

Exodus 5:21 The leaders said to Moses and Aaron, "We hope that Yahweh will punish you. You caused the king and his masters to hate us. The king and his masters want to kill us."

Exodus 5:21 Sinabi ng mga pinunong Israelita kina Moises at Aaron, "Umaasa kaming parurusahan kayo ni Yahweh. Nagawa ninyong mapoot ang hari at ang kanyang mga tagapangasiwa sa amin. Gusto nilang patayin kami."

Exodus 5:22 Then Moses said to Yahweh, "Lord, why did you cause the Israelites to have more problems? Did you send me to the Israelites so that they would have more problems?"

Exodus 5:22 Pagkatapos ay sinabi ni Moises kay Yahweh, "Panginoon, bakit Mo ginawang dumami pa ang mga problema ng mga Israelita? Ipinadala Mo ba ako sa mga Israelita upang madagdagan pa ang kanilang mga problema?"

Exodus 5:23 I spoke to the king like you commanded me. But after I spoke to the king, he caused your people to suffer greatly. You didn't save your people."

Exodus 5:23 Nagsalita ako sa hari katulad ng iniutos Mo sa akin. Ngunit matapos akong magsalita sa hari, ginawa niyang magdusang lubos ang iyong bayan. Hindi Mo iniligtas ang iyong bayan."

**Exodus 5 43 mins.**

Exodus 6:1 Then Yahweh said to Moses, "You'll see the things that I'll do to the king of Egypt. The king of Egypt will let the Israelites because of my power leave. He'll force the Israelites because of my power to leave his country."

Exodus 6:1 Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Makikita mo ang mga bagay na gagawin Ko sa hari ng Egipto. Papayag ang hari ng Egipto na umalis ang mga Israelita dahil sa aking kapangyarihan. Pipilitin niya ang mga Israelita na umalis sa kanyang bansa dahil sa aking kapangyarihan."

Exodus 6:2 God also said to Moses, "I'm Yahweh.



Exodus 6:2 Sinabi rin ng Diyos kay Moises, "Ako si Yahweh.

Exodus 6:3 I appeared to Abraham, Isaac, and Jacob. Those three men called me 'God Almighty'. But I didn't tell my true name to those three men. My true name is Yahweh.

Exodus 6:3 Nagpakita Ako kina Abraham, Isaac, at Jacob. Tinawag Ako ng tatlong lalaking iyon na 'Makapangyarihang Diyos', ngunit hindi Ko sinabi ang aking totoong pangalan sa kanila. Yahweh ang aking totoong pangalan.

Exodus 6:4 I also promised Abraham, Isaac, and Jacob that I would give Canaan to them. Those three men lived in Canaan. But other people owned that land.

Exodus 6:4 Ipinangako Ko rin kina Abraham, Isaac, at Jacob na ibibigay Ko ang Canaan sa kanila. Nanirahan ang tatlong lalaking iyon sa Canaan. Ngunit pag-aari ng ibang mga tao ang lupaing iyon.

Exodus 6:5 Recently I heard the Israelites crying. The Egyptians are forcing the Israelites to work very hard. But I know that I made a covenant with Abraham, Isaac, and Jacob.

Exodus 6:5 Kamakailan ay narinig Ko ang mga Israelita na umiiyak. Pinipilit ng mga Egipcio ang mga Israelita na magtrabaho nang sobrang bigat. Ngunit alam Kong gumawa Ako ng kasunduan kina Abraham, Isaac, at Jacob.

Exodus 6:6 So say to the Israelites, "I'm Yahweh and will save you from the Egyptians. You won't be the Egyptians' slaves. I'll show my power to the Egyptians and also punish them greatly.

Exodus 6:6 Kaya't sabihin mo sa mga Israelita, "Ako si Yahweh at ililigtas Ko kayo mula sa mga Egipcio. Kayo ay hindi mga alipin ng mga Egipcio. Ipapakita Ko ang aking kapangyarihan sa mga Egipcio at parurusahan sila nang lubos.

Exodus 6:7 You'll be my people. And I will be your God. Then you'll know that I'm Yahweh. And you'll know that I'm your God, who saved you from the Egyptians.

Exodus 6:7 Kayo ay aking bayan. At Ako ang inyong Diyos. Pagkatapos ay malalaman ninyong Ako si Yahweh. At malalaman ninyong Ako ang inyong Diyos na nagligtas sa inyo mula sa mga Egipcio.

Exodus 6:8 I promised Abraham, Isaac, and Jacob that I would give the land to them. I'll lead you to that land and give it to you. I'm Yahweh.'"

Exodus 6:8 Ipinangako Ko kina Abraham, Isaac, at Jacob na ibibigay Ko ang lupain sa kanila. Aakayin Ko kayo patungo sa lupaing iyon at ibibigay sa inyo ang lupaing iyon. Ako si Yahweh.'"

Exodus 6:9 So Moses said all of these things to the Israelites. But the Israelites didn't listen to Moses because they had to work extremely hard.

Exodus 6:9 Kaya't sinabi ni Moises ang lahat ng mga bagay na ito sa mga Israelita. Ngunit hindi pinakinggan ng mga Israelita si Moises dahil sa bigat ng kanilang trabaho.

Exodus 6:10 Then Yahweh talked to Moses again.

Exodus 6:10 Pagkatapos ay kinausap na muli ni Yahweh si Moises.

Exodus 6:11 Yahweh said, "Go to the king of Egypt and tell him to let the Israelites leave it."

Exodus 6:11 Sinabi ni Yahweh, "Pumunta ka sa hari ng Egipto at sabihin sa kanya na payagang umalis ang mga Israelita sa Egipto."

Exodus 6:12 But Moses said to Yahweh, "The Israelites won't listen to me. And the king of Egypt certainly won't listen to me because I don't speak well."

Exodus 6:12 Ngunit sinabi ni Moises kay Yahweh, "Hindi ako pakikinggan ng mga Israelita. At siguradong hindi ako pakikinggan ng hari ng Egipto dahil hindi ako mahusay magsasalita."

Exodus 6:13 But Yahweh talked to Moses and Aaron about the Israelites and the king of Egypt and commanded them to lead them from there.

Exodus 6:13 Ngunit kinausap ni Yahweh sina Moises at Aaron tungkol sa mga Israelita at sa hari ng Egipto. At inutusan Niya sina Moises at Aaron na pangunahan ang mga Israelita palabas sa Egipto.

Exodus 6:14 Title: Israel's descendants live in Egypt. These men were the leaders of the tribes that were Israel's descendants. Reuben, who was Israel's first son, had sons named Hanoch, Pallu, Hezron, and Carmi. Those men were the leader of Reuben's descendants.

Exodus 6:14 Pamagat: Nanirahan ang lipi ni Israel sa Egipto. Ang mga lalaking ito ay mga pinuno ng mga angkang nasa lipi ni Israel. Si Ruben na unang anak na lalaki ni Israel ay nagkaroon ng mga anak na lalaking pinangalanang Enoc, Fallu, Hezron, at Carmi. Ang mga lalaking iyon ay pinuno ng lipi ni Ruben.

Exodus 6:15 Simeon had sons named Jemuel, Jamin, Ohad, Jakin, Zohar, and Shaul. Shaul's mother was a Canaanite woman. Those men were the leaders of Simeon's descendants.

Exodus 6:15 Nagkaroon si Simeon ng mga anak na lalaking pinangalanang Jemuel, Jamin, Ohad, Jaquin, Zohar, at Saul. Ang ina ni Saul ay isang babaeng Cananeo. Ang mga lalaking iyon ay mga pinuno ng lipi ni Simeon.

Exodus 6:16 Levi had sons named Gershon, Kohath, and Merari. He lived for 137 years.

Exodus 6:16 Nagkaroon si Levi ng mga anak na lalaking pinangalanang Gershon, Coat, at Merari. Nabuhay siya sa loob ng 137 taon.

Exodus 6:17 Gershon had sons named Libni and Shimei.

Exodus 6:17 Nagkaroon si Gershon ng mga anak na lalaking pinangalanang Libni at Simei.

Exodus 6:18 Kohath had sons named Amram, Izhar, Hebron, and Uzziel. He lived for 133 years.

Exodus 6:18 Nagkaroon si Coat ng mga anak na lalaking pinangalanang Amram, Izar, Hebron, at Uziel. Nabuhay siya sa loob ng 133 taon.

Exodus 6:19 Merari had sons named Mahli and Mushi. These men were the leaders of Levi's descendants.

Exodus 6:19 Nagkaroon si Merari ng mga anak na lalaking pinangalanang Mahali at Musi. Ang mga lalaking ito ay mga pinuno ng lipi ni Levi.

Exodus 6:20 Amram married his father's younger sister named Jochebed. Jochebed gave birth to Aaron and Moses. Amram lived for 137 years.

Exodus 6:20 Napangasawa ni Amram ang nakababatang kapatid na babae ng kanyang amang si Jocebed. Ipinanganak ni Jocebed sina Aaron at Moises. Nabuhay si Amram sa loob ng 137 taon.

Exodus 6:21 Izhar had sons named Korah, Nepheg, and Zikri.

Exodus 6:21 Nagkaroon si Izar ng mga anak na lalaking pinangalanang Korah, Nefeg, at Zicri.

Exodus 6:22 Uzziel had sons named Mishael, Elzaphan, and Sithri.

Exodus 6:22 Nagkaroon si Uziel ng mga anak na lalaking pinangalanang Misael, Elzafan, at Sitri.

Exodus 6:23 Aaron married Elisheba. Elisheba was Amminadab's daughter and was Nahshon's older sister. Elisheba gave birth to sons named Nadab, Abihu, Eleazar, and Ithamar for Aaron.

Exodus 6:23 Napangasawa ni Aaron si Elisabet. Si Elisabet ay anak na babae ni Aminadab at nakatatandang kapatid na babae ni Naason. Ipinanganak niya ang mga batang lalaking pinangalanang Nadab, Abihu, Eleazar, at Itamar.

Exodus 6:24 Korah had sons named Assir, Elkanah, and Abiasaph. These men were the leaders of Korah's descendants.

Exodus 6:24 Nagkaroon si Korah ng mga anak na lalaking pinangalanang Asir, Elcana, at Abiasaf. Ang mga lalaking ito ay mga pinuno ng lipi ni Korah.

Exodus 6:25 Aaron had a son named Eleazar. Eleazar married one of Putiel's daughters. Eleazar's wife gave birth to a son named Phinehas. These men were the leaders of Levi's descendants.

Exodus 6:25 Nagkaroon si Aaron ng anak na lalaking pinangalanang Eleazar. Napangasawa ni Eleazar ang isa sa mga anak na babae ni Futiel. Ipinanganak ng asawang babae ni Eleazar ang isang batang lalaking pinangalanang Finehas. Ang mga lalaking ito ay mga pinuno ng lipi ni Levi.

Exodus 6:26 Yahweh said to this Aaron and this Moses, "Lead the Israelites from Egypt. When the Israelites leave Egypt, each Israelite should walk with his family."

Exodus 6:26 Sinabi ni Yahweh kina Aaron at Moises ito, "Akayin ninyo ang mga Israelita palabas sa Egipto. Kapag umalis ang mga Israelita sa Egipto, dapat maglakad ang bawat isa kasama ng kanyang pamilya."

Exodus 6:27 And this Moses and this Aaron talked to the king of Egypt. They told the king to let the Israelites leave Egypt.

Exodus 6:27 At kinausap nina Moises at Aaron ang hari ng Egipto. Sinabi nila sa hari na payagang umalis ang mga Israelita sa Egipto.

Exodus 6:28 Then Yahweh talked to Moses in Egypt.

Exodus 6:28 Pagkatapos ay kinausap ni Yahweh si Moises sa Egipto.

Exodus 6:29 Yahweh said to Moses, "I'm Yahweh. Tell all of the things that I say to you to the king of Egypt."

Exodus 6:29 Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Ako si Yahweh. Sabihin mo sa hari ng Egipto ang lahat ng mga bagay na sinabi Ko sa iyo."

Exodus 6:30 But Moses said to Yahweh, "The king won't listen to me because I don't speak well."

Exodus 6:30 Ngunit sinabi ni Moises kay Yahweh, "Hindi ako pakikinggan ng hari dahil hindi ako mahusay magsalita."

**Exodus 6 32 mins.**

Exodus 7:1 Then Yahweh said to Moses, "I caused the king of Egypt to think that you're like God. And your older brother named Aaron will become your prophet.

Exodus 7:1 Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Ginawa Kong maisip ng hari ng Egipto na ikaw ay parang Diyos. At ang iyong nakatatandang kapatid na lalaking si Aaron ang magiging propeta mo.

Exodus 7:2 You have to say all of the things that I command you to say. And Aaron will tell the king of Egypt to allow the Israelites to leave it.

Exodus 7:2 Dapat mong sabihin ang lahat ng mga bagay na inuutos kong sabihin mo. At sasabihin ni Aaron sa hari ng Egipto na payagan ang mga Israelitang umalis sa Egipto.

Exodus 7:3 But I'll cause the king not to allow you to leave Egypt. Then I'll perform many miracles in Egypt.

Exodus 7:3 Ngunit gagawin Kong hindi kayo payagan ng hari na umalis sa Egipto. Pagkatapos ay gagawa Ako ng maraming himala sa Egipto.

Exodus 7:4 But the king won't listen to you. Then I'll punish Egypt greatly and lead my people from there.

Exodus 7:4 At hindi ka pakikingan ng hari. Pagkatapos ay parurusahan Ko nang lubos ang Egipto at aakayin ang aking bayan palabas sa Egipto.

Exodus 7:5 After I punish the Egyptians, and after I lead the Israelites from Egypt, they'll know that I'm Yahweh."

Exodus 7:5 Matapos Kong parusahan ang mga Egipcio at matapos Kong akayin ang mga Israelita palabas sa Egipto, malalaman ng mga Egipcio na Ako si Yahweh."

Exodus 7:6 Then Moses and Aaron obeyed Yahweh.

Exodus 7:6 Kaya't sinunod nina Moises at Aaron si Yahweh.

Exodus 7:7 When Moses and Aaron spoke to the king of Egypt, Moses was 80 years old. And Aaron was 83 years old.

Exodus 7:7 Nang nagsalita sina Moises at Aaron sa hari ng Egipto, siya ay 80 taong gulang na. At si Aaron ay 83 taong gulang na.

Exodus 7:8 Title: God causes Aaron's staff to become a snake. Then Yahweh talked to Moses and Aaron again.

Exodus 7:8 Pamagat: Ginawa ng Diyos na maging ahas ang tungkod ni Aaron. Pagkatapos ay kinausap na muli ni Yahweh sina Moises at Aaron.

Exodus 7:9 Yahweh said to Moses, "When the king commands you to perform a miracle, tell Aaron to throw his staff to the ground in front of him. That staff will change into a snake."

Exodus 7:9 Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Kapag inutusan ka ng hari na gumawa ng himala, sabihin mo kay Aaron na ihagis ang kanyang tungkod sa lupa sa harapan niya. Magiging ahas ang tungkod na iyon."

Exodus 7:10 So Moses and Aaron went to the king and did all of the things that Yahweh commanded Moses to do. Aaron threw his staff to the ground in front of the king and in front of his officials. And that staff changed into a snake.

Exodus 7:10 Kaya't pumunta sina Moises at Aaron sa hari. At ginawa nila ang lahat ng mga bagay na inuutos sa kanya ni Yahweh na gawin. Inihagis ni Aaron ang kanyang tungkod sa lupa sa harapan ng hari at sa harapan ng kanyang mga opisyal. At naging ahas ang tungkod na iyon.

Exodus 7:11 Then the king called the wise men and the magicians. And the Egyptian magicians did the same thing.

Exodus 7:11 Pagkatapos ay tinawag ng hari ang mga marurunong na lalaki at ang mga salamangkero. At ginawa ng mga salamangkerong Egipcio ang parehong bagay.

Exodus 7:12 The Egyptian magicians threw their staffs to the ground. And those staffs changed into snakes. But Aaron's staff ate the magicians' staffs.

Exodus 7:12 Inihagis ng mga salamangkerong Egipcio ang kanilang mga tungkod sa lupa. At naging mga ahas ang mga tungkod na iyon, ngunit kinain ang mga ito ng tungkod ni Aaron.

Exodus 7:13 But the king became stubborn and didn't listen to Moses or Aaron like Yahweh predicted.

Exodus 7:13 Ngunit naging matigas ang hari. At hindi niya pinakinggan sina Moises at Aaron katulad ng sinabi ni Yahweh.

Exodus 7:14 Title: God causes water to change into blood. Then Yahweh said to Moses, "The king is stubborn. The king refuses to let the people go.

Exodus 7:14 Pamagat: Ginawa ng Diyos na maging dugo ang tubig. Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Matigas ang ulo ng hari. Tumatanggi ang hari na payagang umalis ang mga tao.

Exodus 7:15 In the morning the king will go to the Nile river. Go to the king and meet him beside the water. And take the staff that changed into a snake.

Exodus 7:15 Kinaumagahan ay magpupunta ang hari sa Ilog Nilo. Pumunta ka sa hari at katagpuin siya sa tabing ilog. At dalhin mo ang tungkod na naging ahas.

Exodus 7:16 Say to the king, "Yahweh is the Israelites' God. Yahweh sent me to you. Yahweh said, "Let my people go so that they could worship me in the desert." But you didn't listen to Yahweh.

Exodus 7:16 Sabihin mo sa hari, "Si Yahweh ang Diyos ng mga Israelita. Ipinadala Niya ako sa iyo. Sinabi Niya, "Pabayaang mong umalis ang aking bayan upang sambahin nila Ako sa disyerto." Ngunit hindi mo pinakinggan si Yahweh.

Exodus 7:17 So Yahweh says, "You'll know because of this miracle that I'm Yahweh. When I hit the water of Nile with the staff that I'm holding, it will change into blood.

Exodus 7:17 Kaya't sinasabi ni Yahweh, "Malalaman mo dahil sa himalang ito na Ako si Yahweh. Kapag hinampas ko ang tubig ng Nilo nang tungkod na hawak ko, magiging dugo ang tubig.

Exodus 7:18 Then the fish that are in the Nile river will die. And the river will smell bad. The Egyptians won't be able to drink the water of Nile."

Exodus 7:18 Pagkatapos ay mamamatay ang mga isdang nasa Ilog Nilo. At mag-aamoy mabaho ang ilog. Hindi maiinom ng mga Egipcio ang tubig ng Nilo."

Exodus 7:19 Yahweh said to Moses, "Tell Aaron to hold his staff over the water that is in Egypt. Aaron has to hold his staff over the rivers, lakes, ponds, and pools in Egypt. Then that water will change into blood. There will be blood throughout Egypt. The water that is in wood buckets and stone jars will change into blood."

Exodus 7:19 Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Sabihin mo kay Aaron na hawakan ang kanyang tungkod at ilagay sa ibabaw ng tubig na nasa Egipto. Dapat hawakan ni Aaron ang kanyang tungkod sa ibabaw ng mga ilog, mga lawa, mga maliit na lawa, at mga paliguang nasa Egipto. Pagkatapos ay magiging dugo ang tubig na iyon. Magkakaroon ng dugo sa buong Egipto. Magiging dugo ang tubig na nasa mga pansalok na kahoy at mga tapayang bato."

Exodus 7:20 So Moses and Aaron obeyed Yahweh. Aaron lifted his staff in front of the king and in front of his officials and hit the water of the Nile river. Then all of the water changed into blood.



Exodus 7:20 Kaya't sinunod nina Moises at Aaron si Yahweh. Inangat ni Aaron ang kanyang tungkod sa harapan ng hari at sa harapan ng kanyang mga opisyal at hinampas ang tubig ng Ilog Nilo. Pagkatapos ay naging dugo ang lahat ng tubig.

Exodus 7:21 The fish that were in the Nile river died. And the river smelled very bad. So the Egyptians were not able to drink that water. There was blood throughout Egypt.

Exodus 7:21 Namatay ang mga isdang nasa Ilog Nilo. At nag-amoy nang napakabaho ang ilog. Kaya't hindi na mainom ng mga Egipcio ang tubig na iyon. Mayroong dugo sa buong Egipto.

Exodus 7:22 But the Egyptian magicians performed the same miracle. So the king didn't change his mind and didn't listen to Moses or Aaron like Yahweh said.

Exodus 7:22 Ngunit ginawa ng mga salamangkerong Egipcio ang parehong himala. Kaya't hindi nagbago ng isip ang hari. At hindi niya pinakinggan sina Moises at Aaron katulad ng sinabi ni Yahweh.

Exodus 7:23 The king returned to his palace and ignored the miracles that Moses and Aaron performed.

Exodus 7:23 Bumalik ang hari sa kanyang palasyo. At hindi niya pinansin ang mga himalang ginawa nina Moises at Aaron.

Exodus 7:24 The Egyptians were not able to drink the water that was in the Nile river. So they dug holes near the sides of the river to search for clean water.

Exodus 7:24 Hindi na mainom ng mga Egipcio ang tubig na nasa Ilog Nilo. Kaya't naghukay sila ng mga balon malapit sa mga tabi ng ilog upang maghanap ng malinis na tubig.

Exodus 7:25 After Yahweh changed into blood the water that was in the Nile river, he waited for seven days.

Exodus 7:25 Matapos gawing dugo ni Yahweh ang tubig na nasa ilog Nilo, naghintay Siya sa loob ng pitong araw.

Exodus 7 21 mins

Exodus 8:1 Title: God sends frogs to Egypt. Then Yahweh said to Moses, "Go to the king of Egypt and say to him, "Yahweh says, "Let my people go so that they could worship me.

Exodus 8:1 Pamagat: Nagpadala ang Diyos ng mga palaka sa Egipto. Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Pumunta ka sa hari ng Egipto at sabihin sa kanya, "Ipinasasabi ni Yahweh, "Pabayaang mong umalis ang aking bayan upang sambahin nila Ako.

Exodus 8:2 If you don't let my people go, I'll punish the Egyptians by sending many frogs.

Exodus 8:2 Kung hindi mo papayagang umalis ang aking bayan, parurusahan Ko ang mga Egipcio sa pamamagitan ng pagpapadala ng maraming palaka.

Exodus 8:3 There will be many frogs in the Nile river. Then those frogs will come into your palace, into your bedroom, and on your bed. Those frogs will enter your officials' houses. And those frogs will be on your people. Those frogs will be in your ovens and in your bowls.

Exodus 8:3 Mapupuno ng palaka ang Ilog Nilo at papasok sa iyong palasyo, iyong silid, at sa iyong higaan. Papasok ang mga ito sa mga bahay ng iyong mga opisyal at mga tauhan. Ang mga ito ay pupunta sa mga pugon at sa inyong mga lalagyan ng pagkain.

Exodus 8:4 The frogs will be on you, on your people, and on all of your officials.""

Exodus 8:4 Ang mga palaka ay pupunta sa iyo, sa iyong mga tauhan, at sa lahat ng iyong mga opisyal.""

Exodus 8:5 Then Yahweh said to Moses, "Tell Aaron to hold his staff over the streams, over the rivers, and over the ponds. Then I'll make many frogs enter the land of Egypt."

Exodus 8:5 Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Sabihin mo kay Aaron na hawakan ang kanyang tungkod at iunat sa ibabaw ng mga ilog at maliit na mga lawa. At gagawin Kong papasukin ang maraming palaka sa lupain ng Egipto."

Exodus 8:6 So Aaron raised his hand over the water of Egypt. Then frogs covered the land of Egypt.

Exodus 8:6 Kaya't itinaas ni Aaron ang kanyang kamay sa ibabaw ng tubig ng Egipto. Pagkatapos ay tinakpan ng mga palaka ang lupain ng Egipto.

Exodus 8:7 But the magicians performed the same miracle. They caused frogs to come on the land of Egypt.

Exodus 8:7 Ngunit ginawa rin ng mga salamangkero ang parehong himala. Nagawa nilang pumunta ang mga palaka sa lupain ng Egipto.

Exodus 8:8 Then the king called Moses and Aaron and said, "Pray that Yahweh will take the frogs away from me and my people. Then I'll let your people go so that they could offer sacrifices to Yahweh."

Exodus 8:8 Pagkatapos ay tinawag ng hari sina Moises at Aaron at sinabi, "Manalangin kayong alisin ni Yahweh ang mga palaka sa akin at sa aking mga tauhan. At papayagan kong umalis ang iyong mga kababayan upang bigyan nila ng mga alay si Yahweh."

Exodus 8:9 Moses said to the king, "Tell the time when you want me to pray for you, your officials, and your people to me. After I pray, the frogs will leave you and your houses. Only the frogs that are in the Nile river will continue living."

Exodus 8:9 Sinabi ni Moises sa hari, "Sabihin mo sa akin ang oras na gusto mong manalangin ako para sa iyo, sa iyong mga opisyal, at sa iyong mga tauhan. Matapos akong manalangin, aalis ang mga palaka sa iyo at sa inyong mga bahay. Ang mga palakang nasa Ilog Nilo lamang ang patuloy na mabubuhay."

Exodus 8:10 The king said, "Tomorrow pray for us." Moses said, "Tomorrow I'll pray for you. Then all of the frogs will leave. Then you'll know that there is no god that is like Yahweh. Yahweh is our God.

Exodus 8:10 Sinabi ng hari, "Bukas ay ipanalangin mo kami." Sinabi ni Moises, "Bukas ay mananalangin ako para sa inyo. Pagkatapos ay aalis ang lahat ng mga palaka. At malalaman mong walang diyos na katulad ni Yahweh. Si Yahweh ay aming Diyos.

Exodus 8:11 The frogs will leave you, your houses, your officials, and your people. Only the frogs that are in the Nile river will continue living."

Exodus 8:11 Aalis ang mga palaka sa iyo, sa iyong mga bahay, sa iyong mga opisyal at mga tauhan. Ang mga palaka lamang na nasa ilog Nilo ang patuloy na mabubuhay."

Exodus 8:12 Then Moses and Aaron left the king. And Moses asked Yahweh to take away all of the frogs that he sent to Egypt.

Exodus 8:12 Pagkatapos ay iniwan ni Moises at Aaron ang hari. At pinakiusapan ni Moises si Yahweh na alisin ang lahat ng mga palakang ipinadala Niya sa Egipto.

Exodus 8:13 Yahweh did the thing that Moses asked him to do. All of the frogs that were in the houses, in the courtyards, and in the fields died.

Exodus 8:13 Ginawa ni Yahweh ang bagay na ipinakiusap Sa Kanya ni Moises na gawin. Namatay ang lahat ng mga palakang nasa mga bahay, nasa mga bulwagan, at nasa mga bukid.

Exodus 8:14 The Egyptians put the dead frogs into piles. Then the dead frogs started smelling bad.

Exodus 8:14 Ibinunton ng mga Egipcio ang nangamatay na mga palaka. Pagkatapos ay nagsimulang mag-amoy mabaho ang nangamatay na mga palaka.

Exodus 8:15 But after the king saw that all of the frogs were dead, he became stubborn again. He didn't listen to Moses or Aaron like Yahweh said.

Exodus 8:15 Ngunit matapos makita ng hari na namatay ang lahat ng mga palaka, nagmatigas siyang muli. Hindi niya pinakinggan sina Moises at Aaron katulad ng sinabi ni Yahweh.

Exodus 8:16 Title: God sends gnats to Egypt. Then Yahweh said to Moses, "Say to Aaron, "Lift your staff. Then hit with your staff the dust that is on the ground." Then the dust will change into gnats throughout Egypt."

Exodus 8:16 Pamagat: Nagpadala ang Diyos ng mga niknik sa Egipto. Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Sabihin mo kay Aaron, "Angatin mo ang iyong tungkod. At hampasin mo ng iyong tungkod ang alabok sa lupa." At magiging niknik ang mga ito sa buong Egipto."

Exodus 8:17 So Aaron lifted his staff and hit with it the dust that was on the ground. Then the dust that was in Egypt changed into gnats. Those gnats were on the people and on the animals.

Exodus 8:17 Kaya't inangat ni Aaron ang kanyang tungkod. At hinampas niya ng kanyang tungkod ang alabok na nasa lupa. Pagkatapos ay naging niknik ang mga ito. Ang mga niknik na iyon ay dumapo sa mga tao at sa mga hayop.

Exodus 8:18 Then the magicians tried to change dust into gnats. But they were not able to change dust into gnats. The gnats were on the people and the animals throughout Egypt.

Exodus 8:18 Pagkatapos ay sinubukan ng mga salamangkero na gumawa mga niknik mula sa alabok. Ngunit hindi na nila magawang mga niknik ang alabok. Ang mga niknik ay dumapo sa mga tao at mga hayop sa buong Egipto.

Exodus 8:19 So the magicians said to the king, "God changed the dust into gnats." But the king was stubborn and didn't listen to Moses or Aaron like Yahweh said.

Exodus 8:19 Kaya't sinabi ng mga salamangkero sa hari, "Ginawa ng Diyos na mga niknik ang alabok." Ngunit matigas ang ulo ng hari at hindi niya pinakinggan sina Moises at Aaron katulad ng sinabi ni Yahweh.

Exodus 8:20 Title: God sends flies to Egypt. Then Yahweh said to Moses, "Get up in the morning early. And while the king is going to the river, meet him. Then say to the king, "Yahweh says, "Let my people go so that they could worship me.

Exodus 8:20 Pamagat: Nagpadala ang Diyos ng mga langaw sa Egipto. Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Maaga kang bumangon ka sa kinaumagahan. At habang naglalakad ang hari patungo sa ilog, katagpuin mo siya. Pagkatapos ay sabihin mo sa kanya, "Ipinasasabi ni Yahweh, "Pabayaang mong umalis ang aking bayan upang sambahin nila Ako.

Exodus 8:21 If you don't let my people go, I'll send swarms of flies. Those flies will be on you, on your officials, and on your people. Those flies will be in your houses. There will be many flies in all of the Egyptians' houses. Flies will also cover the ground.

Exodus 8:21 Kung hindi mo papayagang umalis ang aking bayan, magpapadala Ako ng makapal na langaw. Ang mga langaw na iyon ay pupunta sa iyo, sa iyong mga opisyal at mga tauhan. Ang mga langaw na iyon ay pupunta sa iyong mga bahay. Magkakaroon ng makapal na langaw sa lahat ng mga bahay ng mga Egipcio. Tatakpan rin ng mga langaw ang lupa.

Exodus 8:22 But I won't send swarms of flies to the Israelites. There won't be flies in Goshen, where my people are living. Then you'll know that I'm in Egypt.

Exodus 8:22 Ngunit hindi Ako magpapadala ng makapal na langaw sa mga Israelita. Hindi magkakalangaw sa Goshen kung saan naninirahan ang aking bayan. Pagkatapos ay malalaman mong Ako ay nasa Egipto.

Exodus 8:23 I'll treat my people kindly. But I'll treat your people badly. Tomorrow I'll perform this miracle.””

Exodus 8:23 Tatratin Ko nang mabuti ang aking bayan ngunit tatratin Ko nang masama ang inyong mga tauhan. Bukas ay gagawin Ko ang himalang ito.””

Exodus 8:24 The next day Yahweh sent swarms of flies to the king's palace and the officials' houses. The swarms of flies destroyed Egypt.

Exodus 8:24 Nang sumunod na araw, nagpadala si Yahweh ng makapal na langaw sa palasyo ng hari at mga bahay ng mga opisyal. Sinira ng mga langaw ang Egipto.

Exodus 8:25 Then the king called Moses and Aaron and said to them, “Go. And offer sacrifices to your God at a place that is in Egypt.”

Exodus 8:25 Pagkatapos ay tinawag ng hari sina Moises at Aaron at sinabi sa kanila, "Lumakad kayo at bigyan ninyo ng mga alay ang inyong Diyos sa lugar na nasa loob ng Egipto."

Exodus 8:26 But Moses said, “We won't offer sacrifices to God in Egypt. The Egyptians hate the sacrifices that we offer to Yahweh. If the Egyptians see us offering sacrifices to Yahweh, they'll want to stone us.

Exodus 8:26 Ngunit sinabi ni Moises, "Hindi kami magbibigay ng mga alay sa Diyos dito sa Egipto. Galit ang mga Egipcio sa mga alay na ibinibigay namin kay Yahweh. Kapag nakita kami ng mga Egipcio na nagbibigay ng mga alay kay Yahweh, papatayin nila kami sa pamamagitan ng pagbato sa amin.

Exodus 8:27 We have to travel for three days into the desert. Then we'll offer sacrifices to our God named Yahweh. Yahweh commanded us to offer sacrifices to him in the desert.”

Exodus 8:27 Dapat kaming maglakbay sa loob ng tatlong araw sa disyerto at bibigyan namin ng mga alay ang aming Diyos na si Yahweh. Inutusan kami ni Yahweh na magbigay ng mga alay sa Kanya sa disyerto.”

Exodus 8:28 The king said, “I'll let you go to the desert to offer sacrifices to your God named Yahweh. But you must not go far. Pray for me now.”

Exodus 8:28 Sinabi ng hari, "Papayagan ko kayong pumunta sa disyerto upang magbigay ng mga alay sa inyong Diyos na si Yahweh. Ngunit hindi kayo dapat lumayo. Ipanalangin na ninyo ako ngayon."

Exodus 8:29 Moses said, "After I leave you, I'll pray for you. And tomorrow the flies will leave you, your officials, and your people. But don't lie to us again and don't prevent us from leaving to offer sacrifices to Yahweh."

Exodus 8:29 Sinabi ni Moises, "Matapos kitang iwan, mananalangin ako para sa iyo. At bukas ay aalis ang mga langaw sa iyo, sa iyong mga opisyal at iyong mga tauhan. Ngunit huwag ka nang magsinungaling na muli sa amin. At huwag mo kaming hadlangan sa pag-alis upang magbigay ng mga alay kay Yahweh."

Exodus 8:30 Then Moses left the king and prayed to Yahweh.

Exodus 8:30 Pagkatapos ay iniwan ni Moises ang hari at nanalangin kay Yahweh.

Exodus 8:31 And Yahweh did the thing that Moses asked him to do. The flies left the king, his officials, and his people. No flies were in Egypt.

Exodus 8:31 At ginawa ni Yahweh ang bagay na ipinakiusap sa Kanya ni Moises na gawin. Iniwan ng mga langaw ang hari, ang kanyang mga opisyal, at mga tauhan. Nawala ang langaw sa Egipto.

Exodus 8:32 But the king became stubborn again. He didn't let the Israelites leave.

Exodus 8:32 Ngunit nagmatigas na muli ang hari. Hindi niya pinayagang umalis ang mga Israelita.

## Exodus 8 60 mins

Exodus 9:1 Title: God causes the Egyptians' animals to die. Then Yahweh said to Moses, "Go to the king and say to him, "The Israelites' God named Yahweh says, "Let my people go so that they could worship me.

Exodus 9:1 Pamagat: Pinatay ng Diyos ang mga hayop ng mga Egiptio. Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Pumunta ka sa hari at sabihin sa kanya, "Ang Diyos ng mga Israelitang si Yahweh ang nagsasabi, "Pabayaan mong umalis ang aking bayan upang sambahin Ako.

Exodus 9:2 Stop refusing to let my people go. And stop forcing my people to stay in Egypt.

Exodus 9:2 Tumigil ka na sa pagtangi na pabayaang umalis ang aking bayan. At tumigil ka na sa pagpilit sa aking bayan na manatili sa Egipto.

Exodus 9:3 If you don't let my people go, I'll cause all of your animals that are in the fields to become sick. I'll cause your horses, your sheep, your cows, your camels, your donkeys, and your goats to become sick.

Exodus 9:3 Kung hindi mo papayagang umalis ang aking bayan, magkasakit ang lahat ng inyong mga hayop na nasa mga bukid. Gagawin Kong magkasakit ang mga kabayo, ang mga asno, ang mga kamelyo, mga baka, inyong tupa, at ang inyong mga kambing.

Exodus 9:4 Although I'll treat the Egyptians' animals badly, I won't treat the Israelites' animals badly. The Israelites' animals won't die.""

Exodus 9:4 Kahit na tratuhin Ko nang masama ang mga hayop ng mga Egipcio, hindi Ko tatrathin nang masama ang mga hayop ng mga Israelita. Hindi mamamatay ang mga hayop ng mga Israelita.""

Exodus 9:5 Yahweh said, "Tomorrow I'll cause the Egyptians' animals to become sick."

Exodus 9:5 Sinabi ni Yahweh, "Bukas ay magkakasakit ang mga hayop ng mga Egipcio."

Exodus 9:6 The next day Yahweh caused the Egyptians' animals to become sick. All of the Egyptians' animals died. But the Israelites' animals didn't die.

Exodus 9:6 Nang sumunod na araw, ginawa ni Yahweh na maging malubha ang mga hayop ng mga Egipcio. Namatay ang mga ito. Ngunit hindi namatay ang mga hayop ng mga Israelita.

Exodus 9:7 The king sent some officials to look at the Israelites' animals. Those officials told the king that the Israelites' animals didn't die. But after the king heard that the Israelites' animals didn't die, he became stubborn. He didn't let the Israelites go.

Exodus 9:7 Nagpadala ang hari ng mga opisyal upang tingnan ang mga hayop ng mga Israelita. Sinabi ng mga opisyal na iyon sa hari na walang namatay na hayop ang mga Israelita. Ngunit nang marinig ng haring hindi namatay ang mga hayop ng mga Israelita, nagmatigas siya. Hindi niya pinayagang umalis ang mga Israelita.



Exodus 9:8 Title: God causes the Egyptians to have boils and sores. Then Yahweh said to Moses and Aaron, "Get some ashes from a furnace. Then Moses has to throw those ashes into the air in front of the king.

Exodus 9:8 Pamagat: Ginawa ng Diyos na magkaroon ng mga pigsa at mga sugat ng mga Egipcio. Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron, "Kumuha ka ng mga abo mula sa hurno at ihagis ang mga ito sa hangin sa harapan ng hari.

Exodus 9:9 Those ashes will change into dust. And that dust will cover Egypt. Then boils will appear on all of the people's skin and on all of the animals' skin throughout Egypt."

Exodus 9:9 Magiging alabok ang mga abong iyon. At matatakpan ng alabok na iyon ang Egipto. Pagkatapos ay makikita ang mga pigsa sa balat ng lahat ng tao at sa balat ng lahat ng hayop sa buong Egipto."

Exodus 9:10 So Moses and Aaron got some ashes from a furnace. Then they went to the king. And Moses threw those ashes into the air. Then boils appeared on the Egyptian people's skin and on their animals' skin.

Exodus 9:10 Kaya't kumuha sina Moises at Aaron ng mga abo mula sa hurno at pumunta sa hari. At inihagis ni Moises ang mga abong iyon sa hangin. Pagkatapos ay lumabas ang mga pigsa sa balat ng mga Egipcio at sa balat ng kanilang mga hayop.

Exodus 9:11 Because of the boils that were on the magicians, they were not able to stand in front of Moses. And boils were on all of the Egyptians.

Exodus 9:11 Hindi na makatayo ang mga salamangkero sa harapan ni Moises dahil sa mga pingsang nasa kanila. At nagkaroon ng mga pigsa ang lahat ng mga Egipcio.

Exodus 9:12 But Yahweh caused the king to be stubborn. So the king didn't listen to Moses or Aaron like Yahweh said Moses.

Exodus 9:12 Ngunit ginawa ni Yahweh na maging matigas ang ulo ng hari. Kaya't hindi pinakinggan ng hari sina Moises at Aaron katulad ng sinabi ni Yahweh.

Exodus 9:13 Title: God causes hail to fall on Egypt. Then Yahweh said to Moses, "In the morning get up early and go to the king. And say to the king, "The Israelites' God named Yahweh says to you, "Let my people go so that they could worship me.

Exodus 9:13 Pamagat: Nagpaulan ng yelo ang Diyos sa Egipto. Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Bukas ay maaga kang bumangon at magpunta sa hari. At sabihin mo sa kanya, "Ang Diyos na si Yahweh ang nagsasabi sa iyo, "Pabayaang mong umalis ang aking bayan upang sambahin Ako.

Exodus 9:14 If you don't obey me, I'll punish you, your officials, and all of your people greatly. Then you'll know that there is no god that is like me on the earth.

Exodus 9:14 Kung hindi mo Ako susundin, parurusahan kita, ang iyong mga opisyal at ang lahat ng iyong mga tauhan. Pagkatapos ay malalaman mong walang diyos na katulad Ko sa lupa.

Exodus 9:15 I'm able to kill you and your people with a disease easily.

Exodus 9:15 Kaya kitang patayin at ang iyong mga tauhan sa pamamagitan nang sakit.

Exodus 9:16 But I let you live so that I could show my power to you. I want people to proclaim my name to all of the people who are living on the earth.

Exodus 9:16 Ngunit pinapabayaang Kong mabuhay ka upang maipakita Ko ang aking kapangyarihan sa iyo. Gusto Kong ipahayag ng mga tao ang aking pangalan sa lahat ng mga taong naninirahan sa lupa.

Exodus 9:17 But you're still forcing my people to work. And you won't let my people go.

Exodus 9:17 Ngunit pinipilit mo pa rin ang aking bayan na magtrabaho. At hindi mo pinapayagang umalis ang aking bayan.

Exodus 9:18 Therefore tomorrow I'll cause the weather to be a lot of hail. That hail will damage the land greatly. A lot of hail will fall on Egypt.

Exodus 9:18 Anupa't bukas ay gagawin Kong magpaulan ng yelo. Sisirain ng ulan ng yelong iyon ang lupain. Babagsak ito sa Egipto.

Exodus 9:19 Now order your people to take to a safe place all of your animals that are in fields. The hail will fall on each person and on each animal that is in the fields. And those people and those animals will die.'"

Exodus 9:19 Utusan mo na ngayon ang iyong mga tauhan na dalhin sa ligtas na lugar ang lahat ng inyong mga hayop na nasa mga bukid. Babagsak ang ulan ng yelo sa bawat tao at sa bawat hayop na nasa mga bukid at mamamatay ang mga tao at mga hayop na iyon.'"

Exodus 9:20 Some of the king's officials believed Yahweh. They brought their slaves and their animals inside buildings quickly.

Exodus 9:20 Pinaniwalaan ng ilang opisyal ng hari si Yahweh. Mabilis nilang dinala ang kanilang mga alipin at ang kanilang mga hayop sa loob ng mga gusali.

Exodus 9:21 But other officials didn't believe Yahweh. They didn't bring their slaves or their animals inside buildings. Those officials' slaves and their animals stayed in the fields.

Exodus 9:21 Ngunit hindi pinaniwalaan ng ibang opisyal si Yahweh. Hindi nila dinala ang mga alipin at kanilang mga hayop sa loob ng mga gusali. Nanatili ang mga alipin at mga hayop ng mga opisyal na iyon sa mga bukid.

Exodus 9:22 Then Yahweh said to Moses, "Raise your hand to the sky. Then hail will fall in all of the places that are in Egypt. It will fall on the people, on the animals, and on the plants that are growing in the fields of Egypt."

Exodus 9:22 Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Itaas mo ang iyong kamay. At babagsak ang ulan ng yelo sa lahat ng mga lugar na nasa Egipto. Babagsak iyon sa mga tao, sa mga hayop at sa mga halamang lumalaki sa mga bukirin ng Egipto."

Exodus 9:23 So Moses raised his staff to the sky. Then Yahweh caused hail to fall on Egypt. And he caused the weather to be a lot of lightning and a lot of thunder. The lightning came down to the ground. So Yahweh caused a lot of hail to fall on Egypt.

Exodus 9:23 Kaya't itinaas ni Moises ang kanyang tungkod. Pagkatapos ay ginawa ni Yahweh na bumagsak ang ulan ng yelo sa Egipto. At ginawa Niyang kumidlat at kumulog nang marami. Tumama ang kidlat sa lupa. Kaya't pinabagsak ni Yahweh ang maraming ulan ng yelo sa Egipto.

Exodus 9:24 So a lot of hail fell on Egypt. And there was a lot of lightning. Since the time that Egypt became a nation, that storm was the worst storm that was in there.

Exodus 9:24 Kaya't bumagsak ang maraming ulan ng yelo sa Egipto. At nagkaroon nang maraming kidlat.

Mula nang naging isang bansa ang Egipto, ang bagyong iyon ang pinakamasamang bagyong dumating sa Egipto.

Exodus 9:25 That hail hit all of the things that were in the fields of Egypt. It hit people and animals. It destroyed all of the plants that were growing in the fields. And it destroyed all of the trees.

Exodus 9:25 Tinamaan ng ulan ng yelo ang lahat ng mga bagay na nasa bukirin ng Egipto. Tinamaan niyon ang mga tao at mga hayop. Sinira niyon ang lahat ng mga halamang lumalaki sa mga bukid at sinira niyon ang lahat ng mga puno.

Exodus 9:26 But there was not hail in Goshen, where the Israelites were living.

Exodus 9:26 Ngunit walang ulan ng yelo sa Goshen kung saan naninirahan ang mga Israelita.

Exodus 9:27 Then the king called Moses and Aaron and said to them, "I sinned. Yahweh is righteous. And my people and I are evil.

Exodus 9:27 Pagkatapos ay tinawag ng hari sina Moises at Aaron at sinabi sa kanila, "Nagkasala ako. Matuwid si Yahweh. Ngunit masama ako at ang aking mga tauhan.

Exodus 9:28 Pray to Yahweh. We want the hail to stop falling. And we want the thunder. I'll let you go. I won't force you to stay in Egypt."

Exodus 9:28 Manalangin ka kay Yahweh. Gusto naming tumigil na ang pag-ulan ng yelo at ang pagkulong. Pababayaan kong umalis kayo. Hindi ko kayo pipiliting manatili sa Egipto."

Exodus 9:29 Then Moses said to the king, "After I leave this city, I'll pray to Yahweh. There won't be thunder. And the hail will stop falling. Then you'll know that Yahweh owns the earth.

Exodus 9:29 Pagkatapos ay sinabi ni Moises sa hari, "Pagkaalis ko sa bayang ito, manalangin ako kay Yahweh. Titigil ang pagkulong at ang pag-ulan ng yelo. Pagkatapos ay malalaman mong pag-aari ni Yahweh ang buong mundo.

Exodus 9:30 But I know that you and your officials still don't fear Yahweh.”

Exodus 9:30 Ngunit alam kong hindi pa rin kayo natatakot kay Yahweh."

Exodus 9:31 (When the hail fell, the barley was ripe. And when the hail fell, the flax was almost ripe. So the hail destroyed the flax and the barley.

Exodus 9:31 (Nang bumagsak ang ulan ng yelo, hinog na ang sebada. At nang bumagsak ang ulan ng yelo, malapit nang mahinog ang lino. Kaya't sinira nito ang lino at sebada.

Exodus 9:32 The Egyptians also grew two kinds of wheat. But those two kinds of wheat were not ripe. So the hail didn't destroy those two kinds of wheat.)

Exodus 9:32 Nagtanim rin ang mga Egipcio ng dalawang uri ng mga trigo. Ngunit hindi pa hinog ang dalawang uring iyon ng mga trigo. Kaya't hindi sinira ng ulan ng yelo ang mga pananim na iyon.)

Exodus 9:33 Then Moses left the king and went outside that city. Then Moses raised his hands to Yahweh. Then there was not thunder. And the hail stopped falling. And the rain stopped falling.

Exodus 9:33 Pagkatapos ay iniwan ni Moises ang hari at pumunta sa labas ng bayang iyon. At itinaas niya ang kanyang mga kamay kay Yahweh at nanalangin. At nawala ang kulog. At tumigil na ang ulan ng yelo. At tumigil na ang ulan.

Exodus 9:34 When the king knew that there were not rain, hail, and thunder, he sinned again. The king and his officials became stubborn again.

Exodus 9:34 Nang nalaman ng hari na wala nang ulan, yelo at kulog, nagkasala siyang muli. Nagmatigas na muli ang hari at ang kanyang mga opisyal.

Exodus 9:35 So the king was stubborn and didn't let the Israelites go like Yahweh said through Moses.

Exodus 9:35 Kaya't nagmatigas ang hari. At hindi niya pinayagan na umalis ang mga Israelita katulad ng sinabi ni Yahweh sa pamamagitan ni Moises.

Exodus 10:1 Title: God sends locusts to Egypt. Then Yahweh said to Moses, "Go to the king of Egypt. I caused the king and his officials to be stubborn so that I could perform these powerful miracles in front of them.

Exodus 10:1 Pamagat: Nagpadala ang Diyos ng mga balang sa Egipto. Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Pumunta ka sa hari ng Egipto. Ginawa Kong matigas ang ulo ng hari at nang kanyang mga opisyal upang gawin Ko ang mga himalang ito sa harapan niya at ng kanyang mga opisyal.

Exodus 10:2 And I want you to tell your children and your grandchildren that I punished the Egyptians. And you'll tell your children and your grandchildren about the miracles that I performed in Egypt. Then all of you'll know that I'm Yahweh."

Exodus 10:2 At gusto Kong sabihin mo sa iyong mga anak at sa iyong mga apo na pinarusahan Ko ang mga Egipcio. At sasabihin mo sa iyong mga anak at sa iyong mga apo ang tungkol sa mga himalang ginawa Ko sa Egipto. Pagkatapos ay malalaman ninyong lahat na Ako si Yahweh."

Exodus 10:3 So Moses and Aaron went to the king. And Moses said to the king, "The Israelites' God named Yahweh says, "When will you obey me? Let my people go so that they could worship me.

Exodus 10:3 Kaya't pumunta sina Moises at Aaron sa hari at sinabi sa kanya, "Ang Diyos ng mga Israelitang si Yahweh ang nagsasabi, "Kailan mo Ako susundin? Pabayaang mong umalis ang aking bayan upang sambahin nila Ako.

Exodus 10:4 Tomorrow if you don't let my people go, I'll send locusts to your country.

Exodus 10:4 Kung hindi mo papayagang umalis ang aking bayan, magpapadala Ako ng mga balang sa iyong bansa bukas.

Exodus 10:5 Those locusts will cover the ground. People won't be able to see the ground because of the locusts. The locusts will eat all of the crops that the hail didn't destroy. And the locusts will eat the leaves of all of the trees that are growing in your fields.

Exodus 10:5 Tatakpan ng mga balang na iyon ang buong lupain. Hindi makikita ng mga tao ang lupa dahil sa mga balang. Kakainin ng mga balang ang lahat ng mga pananim na hindi nasira ng ulan ng yelo at kakainin ng mga ito ang mga dahon ng lahat ng mga punong lumalaki sa inyong mga bukirin.

Exodus 10:6 There will be many locusts inside your palaces, inside all of your officials' houses, and inside all of the Egyptians' houses. The number of locusts that will be in Egypt will be very big. No person saw this number of locusts in Egypt." Then Moses left the king.

Exodus 10:6 Magkakaroon nang maraming balang sa loob ng iyong palasyo, sa loob ng mga bahay ng lahat ng iyong mga opisyal, at sa loob ng mga bahay ng lahat ng mga Egipcio. Napakalaki ng bilang ng mga balang na dadagsa sa Egipto. Wala pang taong nakakita ng ganitong bilang ng mga balang sa Egipto." Pagkatapos ay iniwan ni Moises ang hari.

Exodus 10:7 The king's officials asked him, "How long will this man cause us to have problems? Let the Israelites go so that they could worship their God. Egypt is being destroyed by Yahweh!"

Exodus 10:7 Tinanong siya ng mga opisyal ng hari, "Gaano katagal gagawin ng lalaking ito na bigyan tayo ng mga problema? Pabayaang mong umalis ang mga Israelita upang sambahin nila ang kanilang Diyos. Sinisira ni Yahweh ang Egipto!"

Exodus 10:8 So the officials brought Moses and Aaron to the king again. Then the king said to Moses and Aaron, "Go and worship your God named Yahweh. But when you leave, who will go?"

Exodus 10:8 Kaya't dinalang muli ng mga opisyal sina Moises at Aaron sa hari. Pagkatapos ay sinabi ng hari kina Moises at Aaron, "Lumakad na kayo at sambahin ang inyong Diyos na si Yahweh. Ngunit kapag umaalis kayo, sino ang sasama?"

Exodus 10:9 Moses answered the king, "We'll go with our young people and our old people. We'll go with our sons and our daughters and take our sheep and our cows. All of the people will go because we'll have a feast for Yahweh."

Exodus 10:9 Sumagot si Moises sa hari, "Isasama namin ang aming mga kabataan at ang aming matatandang mga kababayan. Isasama namin ang aming mga anak na lalaki at babae at dadalhin ang aming mga tupa at baka. Aalis ang lahat ng mga tao dahil magkakaroon kami ng pista para kay Yahweh."

Exodus 10:10 The king said to Moses, "If you take your women and your children, I know that you won't return to Egypt."

Exodus 10:10 Sinabi ng hari kay Moises, "Kung isasama ninyo ang inyong mga asawa at ang inyong mga anak, alam kong hindi na kayo babalik sa Egipto."

Exodus 10:11 No! I'll let only the men go so that they could worship Yahweh. Earlier you asked me to let the men go. So I'll let only the men go." Then the king's officials forced Moses and Aaron to leave the palace.

Exodus 10:11 Hindi maaari! Papayagan ko lamang ang mga lalaking umalis upang sambahin nila si Yahweh. Noong una ay pinakiusapan mo akong payagang umalis ang mga lalaki. Kaya't pababayaang kong ang mga lalaki lamang ang umalis." Pagkatapos ay sapilitang pinaalis ng mga opisyal ng hari sina Moises at Aaron sa palasyo.

Exodus 10:12 Then Yahweh said to Moses, "Raise your hand over Egypt. Then the locusts will come and spread throughout Egypt. The locusts will eat all of the plants that are growing in the fields and that hail didn't destroy."

Exodus 10:12 Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Itaas mo ang iyong kamay patungo sa Egipto. At dadagsa ang mga balang at kakalat sa buong Egipto. Kakainin ng mga ito ang lahat ng mga halamang lumalaki sa mga bukid at hindi nasira ng ulan ng yelo."

Exodus 10:13 So Moses raised his staff over Egypt. Then Yahweh caused a wind to blow from the eastern region. That wind blew during the day and during the night. In the morning locusts covered the ground.

Exodus 10:13 Kaya't itinaas ni Moises ang kanyang tungkod patungo sa Egipto. Pagkatapos ay ginawa ni Yahweh na umihip ang hangin mula sa silangang rehiyon. Umihip iyon sa buong araw at gabi. Kinaumagahan, natakpan ng mga balang ang lupa.

Exodus 10:14 Swarms of locusts covered the ground of Egypt. There were very many locusts.

Exodus 10:14 Natakpan ng mga balang ang lupain ng Egipto. Napakaraming balang.

Exodus 10:15 The ground was black because there were many locusts. Those locusts ate all of the plants that the hail didn't destroy. The locusts ate all of the plants that were in the fields and all of the fruit that was on the trees. There were no green plants in Egypt.

Exodus 10:15 Naging kulay itim ang lupa dahil sa maraming balang. Kinain ng mga ito ang lahat ng mga halamang hindi nasira ng ulan ng yelo. Kinain ng mga ito ang lahat ng mga halamang nasa mga bukid at ang lahat ng bungang nasa mga puno. Walang natirang luntiang mga halaman sa Egipto.



Exodus 10:16 The king called Moses and Aaron quickly. Then the king said, "I sinned against your God named Yahweh and sinned against you.

Exodus 10:16 Mabilis na tinawag ng hari sina Moises at Aaron at sinabi, "Nagkasala ako laban sa iyong Diyos na si Yahweh. At nagkasala ako laban sa inyo.

Exodus 10:17 Forgive me again and pray to your God named Yahweh for us. Ask Yahweh to stop punishing us. We don't want to die."

Exodus 10:17 Patawarin ninyo akong muli at ipanalangin ninyo kami sa inyong Diyos na si Yahweh. Pakiusapan ninyo si Yahweh na itigil na ang pagpaparusa sa amin. Ayaw naming mamatay."

Exodus 10:18 So Moses left the king. Then Moses prayed to Yahweh.

Exodus 10:18 Kaya't iniwan ni Moises ang hari at nanalangin kay Yahweh.

Exodus 10:19 Then Yahweh caused a wind to blow from the western region. That wind blew all of the locusts to the Red Sea. No locusts were in Egypt.

Exodus 10:19 Pagkatapos ay ginawa ni Yahweh na umihip ang hangin mula sa kanlurang rehiyon. Itinaboy niyon ang lahat ng mga balang papunta sa Dagat na Pula. Nawala ang mga balang sa Egipto.

Exodus 10:20 But Yahweh caused the king to become stubborn again. So the king didn't let the Israelites leave.

Exodus 10:20 Ngunit ginawa ni Yahweh na magmatigas na muli ang hari. Kaya't hindi niya pinayagang umalis ang mga Israelita.

Exodus 10:21 Title: God causes the sky to become dark in Egypt. Then Yahweh said to Moses, "Raise your hand to the sky. Then the sky will become very dark in Egypt. People will become afraid because the sky will be very dark."

Exodus 10:21 Pamagat: Ginawa ng Diyos na maging madilim ang himpapawid sa Egipto. Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Itaas mo ang iyong kamay. At magiging napakadilim ng himpapawid sa Egipto. Matatakot ang mga tao dahil napakadilim ng himpapawid."

Exodus 10:22 So Moses lifted his hand to the sky. Then the sky became extremely dark for three days in Egypt.

Exodus 10:22 Kaya't itinaas ni Moises ang kanyang kamay. Pagkatapos ay naging madilim ang himpapawid sa loob ng tatlong araw sa Egipto.

Exodus 10:23 The people were not able to see each other. And they were not able to go to places for three days. But the sky was bright in the places where the Israelites lived.

Exodus 10:23 Hindi na makita ng mga tao ang bawat isa at hindi sila makapunta sa ibang mga lugar sa loob ng tatlong araw. Ngunit maliwanag ang himpapawid sa mga lugar kung saan naninirahan ang mga Israelita.

Exodus 10:24 Then the king of Egypt called Moses again. The king said, "Go and worship Yahweh. You may take your women and your children. But you must not take your cows or your sheep."

Exodus 10:24 Pagkatapos ay tinawag na muli ng hari ng Egipto si Moises. Sinabi niya, "Lumakad na kayo at sambahin si Yahweh. Maaari ninyong dalhin ang inyong mga asawa at ang inyong mga anak, ngunit hindi ninyo pwedeng dalhin ang inyong mga baka at tupa."

Exodus 10:25 But Moses said, "You have to allow us to take our animals. We have to sacrifice the animals to our God named Yahweh.

Exodus 10:25 Ngunit sinabi ni Moises, "Dapat mo kaming payagang dalhin ang aming mga hayop. Dapat naming ihandog ang mga hayop sa aming Diyos na si Yahweh.

Exodus 10:26 We have to take our cows to the desert. We must not leave an animal in Egypt. We'll worship our God named Yahweh by sacrificing some animals to God. When we go to the desert, God will tell us about the animals that we have to sacrifice to him."

Exodus 10:26 Dapat naming dalhin ang aming mga baka patungo sa disyerto. Hindi kami dapat mag-iwan ng hayop sa Egipto. Sasambahin namin ang aming Diyos na si Yahweh sa pamamagitan ng paghahandog ng mga hayop sa Kanya. Kapag pumunta kami sa disyerto, sasabihin ng Diyos sa amin ang tungkol sa mga hayop na dapat naming ihandog sa Kanya."

Exodus 10:27 But Yahweh caused the king to become stubborn again. So the king didn't let the Israelites leave.

Exodus 10:27 Ngunit ginawa ni Yahweh na magmatigas na muli ang hari. Kaya't hindi niya pinayagang umalis ang mga Israelita.

Exodus 10:28 The king said to Moses, "Leave me! Don't come to me again! If I see you again, you'll die."

Exodus 10:28 Sinabi ng hari kay Moises, "Iwan mo ako! Huwag ka na muling pumunta sa akin! Kapag nakita kitang muli, mamamatay ka."

Exodus 10:29 So Moses said to the king, "I won't come to you again."

Exodus 10:29 Kaya't sinabi ni Moises sa hari, "Hindi ako babalik sa iyo."

Exodus 11:1 Title: God causes the Egyptians' firstborn children to die. Previously Yahweh said to Moses, "I'll punish the king of Egypt and the Egyptians again. After I punish those people, the king will let you leave Egypt. And when you leave, he'll force you to take all of your things."

Exodus 11:1 Pamagat: Ginawa ng Diyos na mamatay ang mga panganay na anak ng mga Egipcio. Noong una ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Parurusahan Kong muli ang hari ng Egipto at ang mga Egipcio. Pagkatapos Kong parusahan ang mga taong iyon, papayagan na kayo ng hari na umalis sa Egipto. At kapag umalis kayo, pipilitin niya kayong dalhin ang lahat ng inyong mga gamit."

Exodus 11:2 Tell the Israelites that the men and the women have to ask their neighbors to give gold things and silver things to them.

Exodus 11:2 Sabihin mo sa mga Israelita na dapat humingi ang lahat ng mga lalaki at mga babae sa kanilang mga kapitbahay ng mga bagay na ginto at pilak.

Exodus 11:3 (Yahweh caused the Egyptians to respect the Israelites. And the king's officials and the Egyptians thought that Moses was a great man.)

Exodus 11:3 (Ginawa ni Yahweh na igalang ng mga Egipcio ang mga Israelita. At naisip ng mga opisyal ng hari at ng mga Egipcio na si Moises ay isang dakilang lalaki.)

Exodus 11:4 So before Moses left the king, he said to the king, "Yahweh says to you, "At midnight I'll go throughout Egypt.

Exodus 11:4 Kaya't bago iniwan ni Moises ang hari, sinabi niya sa hari, "Ipinasasabi ni Yahweh sa iyo, "Kapag naghatinggabi, pupuntahan Ko ang buong Egipto.

Exodus 11:5 All of the firstborn sons will die in Egypt. The firstborn son of the king, who sits on the throne, will die. And the firstborn son of the female slave, who threshes grain, will die. And all of the firstborn animals also will die.

Exodus 11:5 Mamamatay ang lahat ng mga panganay na lalaki sa Egipto. Mamamatay ang panganay na lalaki ng haring nakaupo sa trono. At mamamatay ang panganay na lalaki ng babaeng alipin na naggigiik ng butil. At mamamatay rin ang lahat ng mga panganay na hayop.

Exodus 11:6 People will cry throughout Egypt very loudly. They'll cry more loudly than their ancestors and cry more loudly than their descendants.

Exodus 11:6 Iiyak nang sobrang lakas ang mga tao sa buong Egipto. Iiyak sila ng mas malakas kaysa kanilang mga ninuno at mga inapo.

Exodus 11:7 But in the place where the Israelites are living people won't cry. And dogs won't bark. Then you'll know that Yahweh takes care of the Israelites.

Exodus 11:7 Ngunit hindi iiyak ang mga tao sa lugar kung saan naninirahan ang mga Israelita. At hindi tatahol ang mga aso. Pagkatapos ay malalaman mong inaalagaan ni Yahweh ang mga Israelita.

Exodus 11:8 Then all of your officials will come to me. They'll bow to me and say, "You and all of the Israelites, go!" Then we'll leave." Then Moses left the king. And Moses was very angry.

Exodus 11:8 Pagkatapos ay pupunta ang lahat ng iyong mga opisyal sa akin. Yuyukod sila sa akin at sasabihin, "Ikaw at ang lahat ng mga Israelita, lumakad na kayo!" Pagkatapos ay aalis kami." At iniwan ni Moises ang hari at nagalit siya nang husto.

Exodus 11:9 Earlier Yahweh said to Moses, "The king won't listen to you or Aaron so that I could perform many miracles in Egypt."

Exodus 11:9 Noong una ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Hindi ka pakikinggan ng hari o si Aaron man upang makagawa Ako nang maraming himala sa Egipto."

Exodus 11:10 Moses and Aaron performed all of these great miracles in front of the king. But Yahweh caused the king to be stubborn. So the king didn't allow the Israelites to leave Egypt.

Exodus 11:10 Ginawa nina Moises at Aaron ang lahat ng mga dakilang himalang ito sa harapan ng hari. Ngunit ginawa ni Yahweh na magmatigas ang hari. Kaya't hindi niya pinayagan ang mga Israelita na umalis sa Egipto.

Exodus 12:1 Title: The Israelites celebrate the feast named Passover. Then Yahweh spoke to Moses and Aaron in Egypt.

Exodus 12:1 Pamagat: Nagdiwang ang mga Israelita ng pistang tinatawag na Pista ng Paskwa. Pagkatapos ay nagsalita si Yahweh kina Moises at Aaron sa Egipto.

Exodus 12:2 Yahweh said, "For you, this month will be the first month of your year.

Exodus 12:2 Sinabi ni Yahweh, "Ang buwang ito ay ang unang buwan ng inyong taon.

Exodus 12:3 Tell all of the Israelites that on the tenth day of this month each man has to get one lamb for his family.

Exodus 12:3 Sabihin mo sa lahat ng mga Israelita na sa ikasampung araw ng buwang ito, dapat kumuha ang bawat lalaki ng isang batang tupa para sa kanyang pamilya.

Exodus 12:4 If a small family isn't able to eat a whole lamb during one meal, it has to share it with another family that lives near it. Each person has to eat some of the lamb's meat.

Exodus 12:4 Kung hindi kayang kainin ng isang maliit na pamilya ang buong batang tupa sa isang kainan, dapat ibahagi ang batang tupang iyon sa ibang pamilyang naninirahan sa malapit. Dapat kumain ang bawat isa ng karne ng batang tupa.

Exodus 12:5 The lambs that you choose have to be male lambs that are one year old. And the lambs must not have an injury or a disease. You may choose a sheep or a goat.

Exodus 12:5 Ang mga batang tupang pipiliin ninyo ay dapat na mga lalaking batang tupa na isang taong gulang. At dapat na walang pinsala o sakit ang mga ito. Maaari kayong pumili ng isang tupa o isang kambing.

Exodus 12:6 Each family has to take care of the lamb until the fourteenth day of the month. Then while the sun is setting on the fourteenth day of the month, each family have to kill its lamb.

Exodus 12:6 Dapat alagaan ng bawat pamilya ang batang tupa hanggang ikalabing apat na araw ng buwan. Habang lumulubog ang araw sa ikalabing apat na araw ng buwan, dapat patayin ng bawat pamilya ang batang tupa nila.

Exodus 12:7 And each family has to put some of the lamb's blood beside the door of the house and above the door of the house. And each family has to eat that lamb in its house.

Exodus 12:7 At dapat ilagay ng bawat pamilya ang dugo ng batang tupa sa gilid at itaas ng pinto ng bahay. At dapat kainin ng bawat pamilya ang batang tupang iyon sa kanilang bahay.

Exodus 12:8 That night the family has to roast that lamb's meat over a fire. Then the family has to eat that meat, bitter herbs, and bread. You have to make that bread without yeast.

Exodus 12:8 Sa gabing iyon, dapat litsunin ng bawat pamilya ang karne ng batang tupang iyon. At dapat kainin ng pamilya ang karne, mga mapait na halamang gamot at tinapay. Dapat ninyong gawin ang tinapay nang walang pampaalsa.

Exodus 12:9 You have to roast that lamb. Don't eat raw meat and don't boil that lamb in water. You have to roast the whole lamb. You have to roast the lamb's head, its legs, and its organs.

Exodus 12:9 Dapat ninyong litsunin ang batang tupang iyon. Huwag kayong kumain ng hilaw na karne at huwag ilaga ang karne. Dapat ninyong litsunin ang buong tupa. Dapat ninyong litsunin ang ulo, mga binti at mga lamang loob ng batang tupa.

Exodus 12:10 If you don't eat all of the meat before the morning, you have to burn the meat that you didn't eat.

Exodus 12:10 Kung hindi ninyo naubos ang lahat ng karne bago mag-umaga, dapat ninyong sunugin ang karneng hindi ninyo nakain.

Exodus 12:11 When you eat the lamb, you have to wear clothes that you wear when you travel. And you have to wear your sandals. And you have to hold your staffs. You have to eat the lamb quickly because this meal is the feast named Passover for Yahweh.

Exodus 12:11 Kapag kinain ninyo ang batang tupa, dapat kayong magsuot ng mga damit na isinusuot ninyo kapag naglalakbay kayo. At dapat ninyong isuot ang inyong mga sandalyas at hawakan ang inyong mga tungkod. Mabilis ninyong kainin ang batang tupa dahil ang pagkaing ito ay ang pistang tinatawag na Pista ng Paskwa para kay Yahweh.

Exodus 12:12 That night I'll go throughout Egypt and kill each family's firstborn son. I'll also kill the firstborn male animals. I'll punish all of the gods of Egypt. I'm Yahweh.

Exodus 12:12 Sa gabing iyon, pupunta Ako sa buong Egipto at papatayin ang panganay na lalaki ng bawat pamilya. Papatayin Ko rin ang mga panganay na lalaki ng mga hayop. Parurusahan Ko ang lahat ng mga diyus-diyosan ng Egipto. Ako si Yahweh.

Exodus 12:13 But the blood that is on your houses will be a sign. When I see that blood, I'll pass you. When I punish the Egyptians, I won't hurt you.

Exodus 12:13 Ngunit ang dugong nasa inyong mga bahay ay magiging palatandaan. Kapag nakita Ko ang dugong iyon, lalampasan Ko kayo. Kapag pinarusahan Ko ang mga Egipcio, hindi Ko kayo sasaktan.

Exodus 12:14 You have to celebrate each year on this day. Your descendants have to celebrate this day each year with a feast that is for Yahweh.

Exodus 12:14 Dapat kayong magdiwang sa bawat taon sa araw na ito. Dapat magdiwang ang inyong lipi sa araw na ito ng bawat taon ng pista para Yahweh.

Exodus 12:15 When you celebrate this day, you have to eat bread for seven days. And you have to make that bread without yeast. On the first day of the feast you have to take all of the yeast away from your houses. If a person eats during these seven days food that was made with yeast, you have to send him to a place that is far from you.

Exodus 12:15 Kapag ipinagdiwang ninyo ang araw na ito, dapat kayong kumain ng tinapay sa loob ng pitong araw. At dapat ninyong gawin ang tinapay na iyon nang walang pampaalsa. Sa unang araw ng pista, dapat ninyong alisin ang lahat ng pampaalsa sa inyong mga bahay. Kung kakain ang tao sa pitong araw na ito ng pagkaing may pampaalsa, dapat ninyo siyang itiwalag.

Exodus 12:16 On the first day of the feast all of you have to meet to worship me. And on the seventh day of the feast all of you have to meet again to worship me. Those two days you must not work. But you may prepare meals for your families on those two days.

Exodus 12:16 Sa unang araw ng pista, kayong lahat ay dapat magkatipon upang sambahin Ako. At sa ikapitong araw ng pista, dapat kayong magtipong muli upang sambahin Ako. Sa dalawang araw na iyon, hindi kayo dapat magtrabaho, ngunit maaari kayong maghanda ng mga pagkain para sa inyong mga pamilya.

Exodus 12:17 The name of this feast is the feast of bread that you make without yeast. Celebrate this day so that you could remember that I brought you from Egypt on it. All of your descendants have to celebrate this day. They have to obey this law forever.

Exodus 12:17 Pista ng tinapay na walang pampaalsa ang pangalan ng pistang ito. Magdiwang kayo sa araw na ito upang maalala ninyong inalis Ko kayo mula sa Egipto sa araw na ito. Dapat magdiwang ang lahat ng inyong lipi sa araw na ito. Dapat nilang tuparin ang kautusang ito magpakailanman.

Exodus 12:18 You have to eat during this feast bread that you make without yeast. This feast begins at the evening of the fourteenth day of the first month and ends at the evening of the 21st day of it.

Exodus 12:18 Dapat kayong kumain sa pistang ito ng tinapay na walang pampaalsa. Nagsisimula ang pistang ito sa gabi ng ikalabing apat na araw ng unang buwan at natatapos sa gabi ng ika-21 na araw ng unang buwan.

Exodus 12:19 There must not be yeast in your houses for seven days during this feast. If a person eats yeast during this feast, you have to send him to a place that is far from you. And if a foreigner eats yeast during this feast, you have to send him to a place that is far from you.

Exodus 12:19 Hindi dapat magkaroon ng pampaalsa sa inyong mga bahay sa loob ng pitong araw ng pistang ito. Kung nakakain ang isang tao ng pampaalsa sa pistang ito, dapat ninyo siyang itiwalag. At kung nakakain ang isang dayuhan ng pampaalsa sa pistang ito, dapat ninyo siyang itiwalag.

Exodus 12:20 Don't eat during this feast food that you make with yeast. You have to eat only bread that you make without yeast."

Exodus 12:20 Huwag kayong kumain sa pistang ito ng pagkaing mayroong pampaalsa. Dapat kayong kumain ng natatanging tinapay na walang pampaalsa."



Exodus 12:21 Then Moses called all of the leaders of the Israelites and said to them, "Go now. And choose the animals that your families will eat during this feast. And slaughter those lambs.

Exodus 12:21 Pagkatapos ay tinawag ni Moises ang lahat ng mga pinunong Israelita at sinabi sa mga pinunong iyon, "Lumakad na kayo ngayon. At piliin ninyo ang mga hayop na kakainin ng inyong mga pamilya sa pistang ito at katayin ninyo ang mga batang tupang iyon.

Exodus 12:22 Get some branches from a hyssop plant and dip them in a bowl that contains the lamb's blood. **Then put that blood above the door and there with those branches** and don't leave your houses until the morning.

Exodus 12:22 Kumuha kayo ng mga sanga mula sa halamang hisopo. At isawsaw ninyo ang mga sangang iyon sa mangkok na mayroong dugo ng batang tupa at ipahid ninyo iyon sa mga hamba ng pinto at huwag kayong aalis ng inyong mga bahay hanggang umaga.

Exodus 12:23 When Yahweh goes through Egypt to kill the Egyptians, he'll see the blood that is above your doors and beside there. Then he'll pass that house. He won't allow the angel to enter your houses to kill you.

Exodus 12:23 Kapag naglakad si Yahweh sa buong Egipto upang patayin ang mga Egipcio, makikita Niya ang dugong nasa hamba ng inyong mga pinto. Pagkatapos ay lalampasan Niya ang bahay na iyon. Hindi Niya pahihintulutan ang anghel na pumasok sa inyong mga bahay upang patayin kayo.

Exodus 12:24 You and your descendants have to obey these commandments forever.

Exodus 12:24 Dapat tuparin ninyo at ng inyong lipi ang mga kautusang ito magpakailanman.

Exodus 12:25 Yahweh promised your ancestors that he would give land to you. After you enter that land, you must continue obeying this law.

Exodus 12:25 Ipinangako ni Yahweh sa inyong mga ninuno na bibigyan Niya kayo ng lupain. Matapos kayong pumasok sa lupaing iyon, dapat na patuloy ninyong tuparin ang kautusang ito.

Exodus 12:26 Your children will ask you, "Why do we celebrate this day with a feast?"

Exodus 12:26 Magtatanong sa inyo ang inyong mga anak, "Bakit tayo nagdiriwang sa araw na ito ng pista?"

Exodus 12:27 Answer your children, "We are celebrating this day with the feast named Passover for Yahweh. When we were living in Egypt, Yahweh passed the Israelites' houses. He didn't kill the Israelites' children. But he killed the Egyptian's children." Then the people bowed and worshiped Yahweh.

Exodus 12:27 Sagutin ninyo ang inyong mga anak, "Nagdiriwang tayo sa araw na ito ng pistang tinatawag na Pista ng Paskwa para kay Yahweh. Nang naninirahan tayo sa Egipto, nilampasan ni Yahweh ang mga bahay ng mga Israelita. Hindi Niya pinatay ang mga anak ng mga Israelita, ngunit pinatay Niya ang anak ng mga Egipcio." Pagkatapos ay yumukod ang mga tao at sinamba si Yahweh.

Exodus 12:28 Then the Israelites obeyed Yahweh. They did all of the things that Moses and Aaron said.

Exodus 12:28 Pagkatapos ay sinunod ng mga Israelita si Yahweh. Ginawa nila ang lahat ng mga bagay na sinabi nina Moises at Aaron.

Exodus 12:29 At midnight Yahweh killed all of the firstborn sons in Egypt. The firstborn son of the king, who sat on the throne, died. And the firstborn sons of prisoners who were in prisons died. All of the firstborn animals also died.

Exodus 12:29 Nang maghatinggabi, pinatay ni Yahweh ang lahat ng mga panganay na anak na lalaki sa Egipto. Namatay ang panganay na lalaki ng haring nakaupo sa trono. At namatay ang mga panganay na lalaki ng mga bilanggong nasa mga bilangguan. Namatay rin ang lahat ng mga panganay na hayop.

Exodus 12:30 The king, his officials, and all of the Egyptians got up during the night. A child died in each house. So the people cried in Egypt loudly.

Exodus 12:30 Bumangon ang hari, kanyang mga opisyal, at lahat ng mga Egipcio sa gitna ng gabi. Namatay ang lalaking panganay sa bawat bahay. Kaya't umiyak nang malakas ang mga tao sa Egipto.

Exodus 12:31 Title: The Israelites leave Egypt. During the night the king called Moses and Aaron. The king said to Moses and Aaron, "You and the Israelites, leave my people! Go and worship Yahweh.

Exodus 12:31 Pamagat: Umalis ang mga Israelita sa Egipto. Sa gabi, ipinatawag ng hari sina Moises at Aaron. Sinabi niya kina Moises at Aaron, "Kayo at ang mga Israelita, iwan ninyo kami! Lumakad na kayo at sambahin si Yahweh.

Exodus 12:32 Take all of your sheep and all of your cows like you asked me. Go. But before you go, bless me."

Exodus 12:32 Dalhin ninyo ang lahat ng tupa at lahat ng inyong mga baka katulad ng pakiusap ninyo sa akin. Lumakad na kayo. Ngunit bago kayo umalis, pagpalain ninyo ako."

Exodus 12:33 The Egyptians also begged the Israelites to leave. They said, "If you don't leave, we'll die."

Exodus 12:33 Nagmakaawa rin ang mga Egipcio sa mga Israelitang umalis na. Sinabi nila, "Kung hindi kayo aalis, mamamatay kami."

Exodus 12:34 So the Israelites took the dough that didn't contain yeast. They wrapped the bowls with clothes and carried them on their shoulders.

Exodus 12:34 Kaya't dinala ng mga Israelita ang minasang harinang hindi nalagyan ng pampaalsa. Binalot nila ang mga mangkok ng mga damit at pinasan ang mga ito.

Exodus 12:35 And the Israelites obeyed Moses. They asked their Egyptian neighbors to give silver things and gold things to them. They also asked the Egyptians to give clothes to them.

Exodus 12:35 At sinunod ng mga Israelita si Moises. Humingi sila ng mga bagay na pilak at mga bagay na ginto sa kanilang mga kapitbahay na Egipcio. Humingi rin sila ng mga damit sa mga Egipcio.

Exodus 12:36 Yahweh caused the Egyptians to respect the Israelites. So the Egyptians gave valuable gifts to the Israelites. The Israelites took all of the valuable things from the Egyptians.

Exodus 12:36 Ginawa ni Yahweh na igalang ng mga Egipcio ang mga Israelita. Kaya't binigyan nila ng mga mahahalagang regalo ang mga Israelita. Kinuha ng mga Israelita ang lahat ng mga mahahalagang bagay mula sa mga Egipcio.

Exodus 12:37 The Israelites traveled from Rameses to Succoth. About 600,000 men walked from Egypt. Women and children also walked from Egypt.

Exodus 12:37 Naglakbay ang mga Israelita mula sa Rameses patungo sa Sucot. Naglakad ang halos 600,000 kalalakihan mula sa Egipto. Naglakad rin ang mga kababaihan at mga bata mula sa Egipto.

Exodus 12:38 Many other people who were not Israelites went with them. And the Israelites took many sheep, goats, and cows.

Exodus 12:38 Sumama rin sa mga Israelita ang maraming taong hindi mga Israelita. At kinuha ng mga Israelita ang maraming tupa, mga kambing, at mga baka.

Exodus 12:39 The Israelites baked bread with the dough that they brought from Egypt. But there was no yeast in that dough because the Israelites left Egypt quickly. Before the Israelites left Egypt, they didn't prepare food.

Exodus 12:39 Nagluto ang mga Israelita ng tinapay mula sa minasang harinang dala nila mula sa Egipto. Ngunit walang pampaalsa ang minasang harinang iyon dahil mabilis na umalis ang mga Israelita sa Egipto. Bago sila umalis sa Egipto, hindi sila naghanda ng pagkain.

Exodus 12:40 The Israelites and their ancestors lived in Egypt for 430 years.

Exodus 12:40 Nanirahan ang mga Israelita at ang kanilang mga ninuno sa Egipto sa loob ng 430 taon.

Exodus 12:41 After Yahweh's people had lived in Egypt for exactly 430 years, they left it.

Exodus 12:41 Matapos manirahan ang bayan ni Yahweh sa Egipto sa loob ng eksaktong 430 taon, umalis sila sa Egipto.

Exodus 12:42 That night Yahweh carefully watched the Israelites leave Egypt. So when the Israelites celebrate the Passover, they have to also watch carefully to honor God. The Israelites and their descendants have to celebrate the Passover forever.

Exodus 12:42 Sa gabing iyon, binantayang mabuti ni Yahweh ang pag-alis ng mga Israelita sa Egipto. Kaya't kapag nagdiwang ang mga Israelita ng Pista ng Paskwa, dapat rin nilang bantayang mabuti ang pag-alaala at parangalan ang Diyos. Dapat ipagdiwang ng mga Israelita at ng kanilang lipi ang Pista ng Paskwa magpakailanman.

Exodus 12:43 Yahweh said to Moses and Aaron, "I'll tell the laws that teach you how to celebrate the Passover to you. People who aren't Israelites must not eat the Passover meal.

Exodus 12:43 Sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron, "Sasabihin Ko sa inyo ang mga kautusang magtuturo sa inyo kung paano magdiwang ng Pista ng Paskwa. Hindi dapat kainin ang pagkain ng Pista ng Paskwa ng mga taong hindi mga Israelita.

Exodus 12:44 If a person buys a slave, and if he circumcises the slave, the slave may eat the Passover meal.

Exodus 12:44 Kung bibili ang isang tao ng alipin at tutuliin niya ang alipin, maaaring kainin ng alipin ang pagkain ng Pista ng Paskwa.

Exodus 12:45 But people who aren't Israelites and are visiting you may not eat the meal. And a person who works for you may not eat the meal.

Exodus 12:45 Ngunit hindi maaaring kumain ng pagkain ang mga taong hindi Israelita na dumadalaw sa inyo. At hindi maaaring kumain ng pagkaing iyon ang taong nagtatrabaho sa inyo.

Exodus 12:46 You have to eat the meal inside your houses. Don't take the meat outside your houses and don't break the lamb's bones.

Exodus 12:46 Dapat ninyong kainin ang pagkain sa loob ng inyong mga bahay. Huwag ninyong dalhin ang karne sa labas ng inyong mga bahay at huwag baliin ang mga buto ng batang tupa.

Exodus 12:47 All of the Israelites have to celebrate the Passover.

Exodus 12:47 Dapat magdiwang ang lahat ng mga Israelita ng Pista ng Paskwa.

Exodus 12:48 A person who isn't an Israelite and lives with you may celebrate the Passover. But before that person celebrates the Passover, you have to circumcise all of the men who are in his family. Then that person may celebrate the Passover like you celebrate it. But a man who isn't circumcised must not celebrate the Passover.

Exodus 12:48 Maaaring magdiwang ng Pista ng Paskwa ang taong hindi Israelita at naninirahan kasama ninyo. Ngunit bago magdiwang ang taong iyon ng Pista ng Paskwa, dapat ninyong tuliin ang lahat ng mga lalaking mula sa kanyang pamilya. Pagkatapos ay maaari na siyang magdiwang ng Pista ng Paskwa katulad ng pagdiwang ninyo nito. Ngunit hindi dapat magdiwang ng Pista ng Paskwa ang lalaking hindi tuli.

Exodus 12:49 The Israelites and the people who aren't Israelites and live with you have to obey the same laws."

Exodus 12:49 Dapat tuparin ng mga Israelita at mga taong hindi Israelita na naninirahan kasama ninyo ang parehong mga kautusan."

Exodus 12:50 All of the Israelites obeyed Yahweh, who spoke to Moses and Aaron.

Exodus 12:50 Sinunod ng lahat ng mga Israelita si Yahweh na nagsalita kina Moises at Aaron.

Exodus 12:51 That day Yahweh brought the Israelites from Egypt. He led each family from Egypt.

Exodus 12:51 Sa araw na iyon, dinala ni Yahweh ang mga Israelita mula sa Egipto. Inakay Niya ang bawat pamilya mula sa Egipto.

Exodus 13:1 Title: Yahweh tells the Israelites to give their firstborn sons to him. Then Yahweh spoke to Moses.

Exodus 13:1 Pamagat: Sinabi ni Yahweh sa mga Israelita na italaga sa Kanya ang mga panganay na anak na lalaki ng mga Israelita. Pagkatapos ay nagsalita si Yahweh kay Moises.

Exodus 13:2 Yahweh said to Moses, "Consecrate all of your firstborn sons me. All firstborn sons and all firstborn male animals belong to me."

Exodus 13:2 Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Italaga ninyo ang lahat ng inyong mga panganay na anak na lalaki sa Akin. Ang lahat ng mga panganay na lalaki at lahat ng mga panganay na lalaking hayop ay sa Akin."

Exodus 13:3 Then Moses said to the people, "Remember this day because it is the day when you left Egypt. You were slaves in Egypt. But Yahweh brought you from Egypt with his power. So don't eat food that contains yeast.

Exodus 13:3 Pagkatapos ay sinabi ni Moises sa mga tao, "Alalahanin ninyo ang araw na ito dahil ang araw na ito ay ang araw na umalis kayo sa Egipto. Kayo ay mga alipin sa Egipto, ngunit dinala kayo ni

Yahweh mula sa Egipto sa pamamagitan kanyang kapangyarihan. Kaya't huwag kayong kumain ng pagkaing may pampaalsa.

Exodus 13:4 Today in the month named Abib you're leaving Egypt.

Exodus 13:4 Sa araw na ito sa buwan ng Abib, aalis kayo sa Egipto.

Exodus 13:5 Yahweh promised your ancestors that he would give land to you. That land belongs to the Canaanites, the Hittites, the Amorites, the Hivites, and the Jebusites. That land has a lot of milk and a lot of honey. A lot of food grows in that land. Yahweh will lead you to that land. When you're in that land, you have to celebrate the feast named Passover in each year during the first month.

Exodus 13:5 Ipinangako ni Yahweh sa inyong mga ninuno na bibigyan Niya kayo ng lupain. Ang lupaing iyon ay sa mga Cananeo, mga Heteo, mga Amoreo, mga Hivita, at mga Jebuseo. Mayroon iyong maraming gatas at pulot. Tumutubo ang maraming pagkain sa lupaing iyon. Aakayin kayo ni Yahweh patungo sa lupaing iyon. Kapag kayo ay nasa lupaing iyon na, dapat ninyong ipagdiwang ang pistang tinatawag na Pista ng Paskwa sa bawat taon sa unang buwan.

Exodus 13:6 Eat for seven days bread that you make without yeast. Celebrate with a feast for Yahweh on the seventh day.

Exodus 13:6 Kumain kayo sa loob ng pitong araw ng tinapay na walang pampaalsa. Magdiwang kayo ng pista para kay Yahweh sa ikapitong araw.

Exodus 13:7 During those seven days eat bread that you made without yeast. And you must not have food that contains yeast. There must not be yeast in the land where you're living.

Exodus 13:7 Sa pitong araw na iyon, kumain kayo ng tinapay na walang pampaalsa. At dapat na wala kayong pagkaing nalalagyan ng pampaalsa. Dapat walang pampaalsa sa lupain kung saan kayo naninirahan.

Exodus 13:8 On the day that you celebrate with this feast, say to your son, "We are celebrating with this feast because Yahweh brought us from Egypt."

Exodus 13:8 Sa araw na nagdiriwang kayo ng pistang ito, sabihin ninyo sa inyong mga anak na lalaki, "Nagdiriwang tayo ng pistang ito dahil dinala tayo ni Yahweh mula sa Egipto."

Exodus 13:9 This feast will be like a mark that is on your hand or on your forehead. This feast will remind you to talk about Yahweh's laws often. Yahweh brought you from Egypt with his power.

Exodus 13:9 Ang pistang ito ay magiging katulad ng palatandaang nasa inyong kamay o sa inyong noo. Aalalahanin ninyong madalas iyon at pag-uusapan. Dinala kayo ni Yahweh mula sa Egipto sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan.

Exodus 13:10 So you have to celebrate with this feast in each year at this time.

Exodus 13:10 Kaya't dapat kayong magdiwang ng pistang ito sa bawat taon sa panahong ito.

Exodus 13:11 Yahweh will bring you to the Canaanites' land and give it to you. He promised your ancestors that he would give that land to you.

Exodus 13:11 Dadalhin kayo ni Yahweh sa lupain ng mga Cananeo at ibibigay sa inyo ang lupaing iyon. Ipinangako Niya sa inyong mga ninuno na ibibigay Niya sa inyo ang lupaing iyon.

Exodus 13:12 Then you have to give each firstborn son to me. And you have to also give each firstborn male animal to me.

Exodus 13:12 Pagkatapos ay dapat ninyong italaga sa Akin ang bawat panganay na anak na lalaki at ang bawat panganay na lalaking hayop.

Exodus 13:13 You may redeem a firstborn donkey that you have to sacrifice to me by sacrificing a lamb to me. If you don't redeem the donkey, you have to break his neck. But you have to redeem each firstborn son.

Exodus 13:13 Maaari ninyong tubusin sa Akin ang panganay na asnong dapat ninyong ihandog sa Akin sa pamamagitan ng paghahandog ng batang tupa sa Akin. Kung hindi ninyo tinutubos ang asno sa Akin, dapat ninyong baliin ang leeg ng asno. Ngunit dapat ninyong tubusin ang bawat panganay na anak na lalaki sa Akin.

Exodus 13:14 In the future your sons will ask you, "Why do we celebrate with this feast?" You should answer, "We celebrate with this feast because Yahweh brought us from Egypt with his power. We were slaves in Egypt."



Exodus 13:14 Sa hinaharap, tatanungin kayo ng inyong mga anak na lalaki, "Bakit tayo nagdiriwang ng pistang ito?" Dapat ninyong sagutin, "Nagdiriwang tayo ng pistang ito dahil dinala tayo ni Yahweh mula sa Egipto sa pamamagitan kanyang kapangyarihan. Tayo ay mga alipin sa Egipto.

Exodus 13:15 The king of Egypt was stubborn and didn't allow us to leave it. So Yahweh killed all of the firstborn Egyptian sons and all of the firstborn male animals that were in Egypt. Therefore we sacrifice each firstborn male animal to Yahweh now and redeem each firstborn son.

Exodus 13:15 Matigas ang ulo ng hari ng Egipto. At hindi tayo pinahintulutan ng hari na umalis ng Egipto. Kaya't pinatay ni Yahweh ang lahat ng mga panganay na anak na lalaking Egiptio at lahat ng mga panganay na lalaking hayop na nasa Egipto. Anupa't inihahandog natin ngayon ang bawat panganay na lalaking hayop kay Yahweh at tinutubos ang bawat panganay na anak na lalaki sa Kanya.

Exodus 13:16 This feast is like a sign that is on your hand or on your forehead. This feast will help you remember that Yahweh brought us from Egypt with his power."

Exodus 13:16 Ang pistang ito ay katulad ng tatak na nasa inyong kamay o sa inyong noo. Tutulungan niyon kayo na maalala na dinala tayo ni Yahweh mula sa Egipto sa pamamagitan kanyang kapangyarihan."

Exodus 13:17 Title: God leads the Israelites from Egypt. After the king let the Israelites leave Egypt, God didn't lead them through the Philistines' land. If God had led the Israelites through the Philistines' land, they would have arrived in Canaan quickly. But God said, "The Israelites might think that they have to fight the Philistine army. Then if the Israelites fight the Philistine army, they'll become afraid. Then they might return to Egypt."

Exodus 13:17 Pamagat: Inakay ng Diyos ang mga Israelita mula sa Egipto. Matapos payagan ng hari na umalis ang mga Israelita sa Egipto, hindi sila pinadaan ng Diyos sa lupain ng mga Filisteo. Kung inakay ng Diyos ang mga Israelita patawid sa lupain ng mga Filisteo, mabilis sa silang darating sa Canaan. Ngunit sinabi Niya, "Baka isipin ng mga Israelita na dapat nilang labanan ang hukbo ng Filisteo. At kapag nakikipaglaban na ang mga Israelita sa hukbo ng Filisteo, matatakot sila. At baka bumalik sila sa Egipto."

Exodus 13:18 So God led the Israelites through the desert. The Israelites went toward the Red Sea. When the Israelites left Egypt, they were ready to fight battles.

Exodus 13:18 Kaya't inakay ng Diyos ang mga Israelita patawid ng disyerto. Pumunta ang mga Israelita patungong Dagat na Pula. Nang umalis ang mga Israelita sa Egipto, nakahanda silang makipaglaban sa mga labanan.

Exodus 13:19 Moses carried Joseph's bones. Before Joseph died, he made the Israelites promise him that they'll take his bones from Egypt. He said, "God will certainly help you. Then you have to carry my bones from Egypt."

Exodus 13:19 Dinala ni Moises ang mga buto ni Jose. Bago namatay si Jose, ginawa niyang mangako ang mga Israelita sa kanya na dadalhin nila ang kanyang mga buto palabas sa Egipto. Sinabi niya, "Siguradong tutulungan kayo ng Diyos. Pagkatapos ay dapat ninyong dalhin ang aking mga buto palabas ng Egipto."

Exodus 13:20 After the Israelites left Succoth, they camped at Etham. Etham was at the edge of the desert.

Exodus 13:20 Nang umalis ang mga Israelita sa Sucot, nagkampo sila sa Etam. Ang Etam ay nasa hangganan ng disyerto.

Exodus 13:21 During the day Yahweh traveled in front of the Israelites to lead them. During the day he looked like a pillar of clouds. During the night he looked like a pillar of fire to give light to the Israelites. So the Israelites were able to travel during the day and during the night.

Exodus 13:21 Sa araw, naglakbay si Yahweh sa unahan ng mga Israelita upang akayin ang mga Israelita. Sa araw, Siya ay katulad ng haliging ulap. Sa gabi, Siya ay katulad ng haliging apoy upang bigyan ng liwanag sa mga Israelita. Kaya't nakayang maglakbay ng mga Israelita sa araw at sa gabi.

Exodus 13:22 The pillar of clouds always was in front of the Israelites during the day. And the pillar of fire always was in front of the Israelites during the night.

Exodus 13:22 Ang haliging ulap ay palaging nasa unahan ng mga Israelita sa araw. At ang haliging apoy ay palaging nasa unahan sa mga Israelita sa gabi.

Exodus 14:1 Then Yahweh spoke to Moses.

Exodus 14:1 Pagkatapos ay nagsalita si Yahweh kay Moises.

Exodus 14:2 Yahweh said, "Tell the Israelites to turn around. The Israelites have to camp near Pi Hahiroth, which is between Migdol and the Red Sea. They have to camp by the Dead Sea at the place that is in front of Baal Zephon.

Exodus 14:2 Sinabi ni Yahweh, "Sabihin mo sa mga Israelita na bumalik. Dapat silang magkampo malapit sa Pi Hahirod na nasa gitna ng Migdol at Dagat na Pula. Dapat silang magkampo sa gilid ng Dagat na Patay na nasa harapan ng Baal-Zefon.

Exodus 14:3 The king of Egypt will think, "The Israelites are wandering in the land and are afraid to enter the desert."

Exodus 14:3 Aakalain ng hari ng Egipto, "Naliligaw ang mga Israelita sa lupain at natatakot na pumasok sa disyerto."

Exodus 14:4 I'll again cause the king to become stubborn. Then the king will chase the Israelites. But I'll defeat the king and his army. Then people will honor me because I defeated the Egyptians. And the Egyptians will know that I'm Yahweh." So the Israelites did those things.

Exodus 14:4 Pagmamatigasin Kong muli ang hari. Pagkatapos ay hahabulin niya ang mga Israelita, ngunit wawasakin Ko siya at ang kanyang hukbo. At igagalang Ako ng mga tao dahil winasak Ko ang mga Egipcio. At malalaman ng mga Egipcio na Ako si Yahweh." Kaya't ginawa ng mga Israelita ang pagbalik.

Exodus 14:5 Title: The king of Egypt chases the Israelites. A person told the king of Egypt that the Israelites left it. Then the king and his officials thought about the Israelites and said, "We made a mistake. We shouldn't have let the Israelites leave Egypt. The Israelites won't work for us."

Exodus 14:5 Pamagat: Hinabol ng hari ng Egipto ang mga Israelita. Sinabi ng isang tao sa hari ng Egipto na umalis na ang mga Israelita sa Egipto. Pagkatapos ay pinag-isipan ng hari at ng kanyang mga opisyal ang tungkol sa mga Israelita at sinabi nila, "Nagkamali tayo. Hindi natin dapat pinabayaang umalis ang mga Israelita sa Egipto. Hindi na sila magtatrabaho para sa atin."

Exodus 14:6 So the king went to his chariot. And the king and his army started chasing the Israelites.

Exodus 14:6 Kaya't pumunta ang hari sa kanyang karwahe. At nagsimulang humabol ang hari at ang kanyang hukbo sa mga Israelita.

Exodus 14:7 The king took 600 fast chariots and all of the other chariots of Egypt. And officers rode all of those chariots.

Exodus 14:7 Kinuha ng hari ang 600 mabilis na karwahe at lahat ng iba pang mga karwahe ng Egipto. At sumakay ang mga opisyal sa lahat ng mga karwaheng iyon.

Exodus 14:8 Yahweh caused the king of Egypt to become stubborn. So the king chased the Israelites, who were boldly marching from Egypt.

Exodus 14:8 Pinagmatigas ni Yahweh ang hari ng Egipto. Kaya't hinabol niya ang mga Israelitang buong tapang na naglalakbay mula sa Egipto.

Exodus 14:9 The king, all of his horses, all of his chariots, and all of his soldiers chased the Israelites. The Egyptians came to the place where the Israelites were camping. That place was near Pi Hahiroth, which was in front of Baal Zephon.

Exodus 14:9 Hinabol ng hari, lahat ng kanyang mga kabayo, lahat ng kanyang mga karwahe, at ng lahat ng kanyang mga kawal ang mga Israelita. Pumunta ang mga Egipcio sa lugar kung saan nagkakampo ang mga Israelita. Ang lugar na iyon ay malapit sa Pi Hahiroth na nasa harapan ng Baal-Zefon.

Exodus 14:10 The Israelites saw the king and his army coming toward them. Then they became terrified. So they cried out to Yahweh.

Exodus 14:10 Nakita ng mga Israelita ang hari at ang hukbo nito na papunta sa kanila. Pagkatapos ay natakot sila nang husto. Kaya't tumawag sila kay Yahweh.

Exodus 14:11 The Israelites said to Moses, "Why did you bring us from Egypt? Did you bring us to the desert so that we would die?"

Exodus 14:11 Sinabi ng mga Israelita kay Moises, "Bakit mo kami inalis sa Egipto? Dinala mo ba kami dito sa disyerto upang mamatay kami?"

Exodus 14:12 When we were in Egypt, we said to you, "Don't help us. We'll stay in Egypt and will continue serving the Egyptians." But we'll die in the desert now!"

Exodus 14:12 Nang kami ay nasa Egipto, sinabi namin sa iyo, "Huwag mo kaming tulungan. Mananatili kami sa Egipto at patuloy na maglilingkod sa mga Egipcio." Ngunit mamamatay kami ngayon sa disyerto!"

Exodus 14:13 But Moses said to the Israelites, "Don't be afraid. Stand still. And you'll see Yahweh protecting you from the Egyptians. After today you'll never see these Egyptians again.

Exodus 14:13 Ngunit sinabi ni Moises sa mga Israelita, "Huwag kayong matakot. Mananatili kayo dito. At makikita ninyo si Yahweh na ipagtatanggol kayo mula sa mga Egipcio. Hindi na ninyo muling makikita ang mga Egipciong ito.

Exodus 14:14 Yahweh will fight those Egyptian soldiers for you. You won't fight the Egyptians. So stop talking."

Exodus 14:14 Lalabanan ni Yahweh ang mga kawal Egipcio para sa inyo. Hindi ninyo lalabanan ang mga Egipcio. Kaya't tumigil na kayo sa pagsasalita."

Exodus 14:15 Then Yahweh said to Moses, "Why are you crying out to me? Tell the Israelites to start walking.

Exodus 14:15 Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Bakit kayo tumatawag sa Akin? Sabihin mo sa mga Israelita na magsimulang maglakad.

Exodus 14:16 Raise your staff over the sea. Then I'll make a path that is in the sea so that you could walk on dry ground through the sea.

Exodus 14:16 Itaas mo ang iyong tungkod patungo sa dagat. At gagawa Ako ng daan sa dagat upang makalakad kayo sa tuyong lupa patawid ng dagat.

Exodus 14:17 I'll cause the Egyptians to become stubborn. Then the Egyptian soldiers will chase the Israelites into the sea. But I'll defeat the king, his army, his horses, and his chariots. Then people will honor me.

Exodus 14:17 Gagawin Kong magmatigas ang mga Egipcio. Pagkatapos ay hahabulin ng mga kawal Egipcio ang mga Israelita papuntang dagat. Ngunit wawasakin Ko ang hari, kanyang hukbo, kanyang mga kabayo, at ang kanyang mga karwahe. Pagkatapos ay igagalang Ako ng mga tao.

Exodus 14:18 I'll defeat the king, his army, and his chariots. Then the Egyptians will know that I'm Yahweh."

Exodus 14:18 Wawasakin Ko ang hari, kanyang hukbo, at ang kanyang mga karwahe. Pagkatapos ay malalaman ng mga Egipcio na Ako si Yahweh."

Exodus 14:19 Then God's angel, who was traveling in front of Israel's soldiers, went behind the Israelites. And the pillar of clouds, which also was in front of the Israelites, went behind them.

Exodus 14:19 At ang anghel ng Diyos na naglalakbay sa harapan ng mga kawal ng Israel ay nagpunta sa likuran ng mga Israelita. At ang haliging ulap na nasa harapan din ng mga Israelita ay nagpunta sa likuran ng mga Israelita.

Exodus 14:20 So that cloud went between the Egyptians' army and the Israelites' soldiers. During that night it was dark near the Egyptians. But it was bright near the Israelites. So it prevented the Egyptians from going to the Israelites.

Exodus 14:20 Kaya't pumunta ang ulap na iyon sa pagitan ng hukbo ng mga Egipcio at mga kawal Israelita. Sa gabing iyon, naging madilim malapit sa mga Egipcio, ngunit maliwanag malapit sa mga Israelita. Kaya't hinadlangan ng kadiliman ang mga Egipcio sa paglapit sa mga Israelita.

Exodus 14:21 Then Moses raised his hand over the sea. And during that night Yahweh caused a strong wind to blow toward the eastern side of the sea. That wind pushed the water. Then there was a dry path through the sea.

Exodus 14:21 Pagkatapos ay itinaas ni Moises ang kanyang kamay patungo sa dagat. At sa gabing iyon, ginawa ni Yahweh na umihip ang malakas na hangin patungo sa gawing silangan ng dagat. Itinulak niyon ang tubig. Pagkatapos ay nagkaroon nang tuyong daan patawid ng dagat.

Exodus 14:22 So the Israelites walked on a dry path through the sea. There was a wall of water on the Israelites' right side. And there was a wall of water on the Israelites' left side.

Exodus 14:22 Kaya't naglakad ang mga Israelita sa tuyong daan patawid ng dagat. Nagkaroon ng pader na tubig sa gawing kanan ng mga Israelita. At nagkaroon ng pader na tubig sa gawing kaliwa ng mga Israelita.

Exodus 14:23 Then the Egyptians chased the Israelites. All of the king's horses, all of his chariots, and his army followed the Israelites into the sea.

Exodus 14:23 Pagkatapos ay hinabol ng mga Egipcio ang mga Israelita. Sumunod ang lahat ng mga kabayo, lahat ng mga karwahe ng hari, at ang kanyang hukbo sa mga Israelita sa loob ng dagat.

Exodus 14:24 But in the early morning Yahweh looked at the Egyptians' army from the pillar of clouds and the pillar of fire and caused them to become confused.

Exodus 14:24 Ngunit kinaumagahan, tiningnan ni Yahweh ang hukbo ng mga Egipcio mula sa haliging ulap at haliging apoy. At ginawa Niyang malito ang mga Egipcio.

Exodus 14:25 And Yahweh broke the wheels of the Egyptians' chariots so that they couldn't ride them. The Egyptians shouted, "Let's run away from the Israelites! Yahweh is fighting us for the Israelites."

Exodus 14:25 At sinira ni Yahweh ang mga gulong ng mga karwahe ng mga Egipcio. Sumigaw sila, "Dapat na tayong tumakbo palayo sa mga Israelita! Nilalabanan tayo ni Yahweh para sa kanila."

Exodus 14:26 Then Yahweh said to Moses, "Raise your hand over the sea. Then the water will fall onto the Egyptians, their chariots, and the Egyptian soldiers."

Exodus 14:26 Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Itaas mo ang iyong kamay patungo sa dagat at babagsak ang tubig sa mga Egipcio, sa kanilang mga karwahe, at sa mga kawal na Egipcio."

Exodus 14:27 So Moses raised his hand over the sea. When the sun started rising, the water flowed to its place. The Egyptians were running away from the water. But Yahweh pushed the Egyptians into the sea.

Exodus 14:27 Kaya't itinaas ni Moises ang kanyang kamay patungo sa dagat. Nang nagsimulang sumikat ang araw, dumaloy ang tubig pabalik sa lugar nito. Tumatakbo ang mga Egipcio palayo sa tubig, ngunit itinulak sila ni Yahweh sa dagat.

Exodus 14:28 The water flowed to its place and covered the chariots and all of the king's army that followed the Israelites into the sea. All of those Egyptian soldiers died.

Exodus 14:28 Dumaloy ang tubig pabalik sa lugar nito. At tinakpan niyon ang mga karwahe at ang lahat ng hukbo ng haring tumugis sa mga Israelita sa dagat. Namatay ang lahat ng mga kawal Egipcio.

Exodus 14:29 But the Israelites walked on a dry path through the sea. A wall of water was on the Israelites' right side. And a wall of water was on the Israelites' left side.

Exodus 14:29 Ngunit naglakad ang mga Israelita sa tuyong daan patawid ng dagat. Nagkaroon ng pader na tubig sa gawing kanan ng mga Israelita. At nagkaroon ng pader na tubig sa gawing kaliwa ng mga Israelita.

Exodus 14:30 That day Yahweh saved the Israelites from the Egyptians. The Israelites saw the Egyptians' corpses lying on the shore of the sea.

Exodus 14:30 Sa araw na iyon, iniligtas ni Yahweh ang mga Israelita mula sa mga Egipcio. Nakita ng mga Israelita ang mga bangkay ng mga Egipcio sa baybayin ng dagat.

Exodus 14:31 When the Israelites saw Yahweh showing his power to the Egyptians, they feared him. And they trusted Yahweh and his servant named Moses.

Exodus 14:31 Nang nakita ng mga Israelita ang kapangyarihan ni Yahweh na ipinakita sa mga Egipcio, natakot sila sa Kanya. At nagtiwala sila kay Yahweh at sa Kanyang alipin na si Moises.

Exodus 15:1 Title: Moses and Miriam sing a song. Then Moses and the Israelites sang this song to Yahweh. They sang, "I'll sing to Yahweh to praise him. Yahweh threw horses and soldiers into the sea.

Exodus 15:1 Pamagat: Umawit sina Moises at Miriam ng isang awitin. Pagkatapos ay inawit ni Moises at ng mga Israelita ang awit na ito kay Yahweh. Inawit nila, "Aawit ako kay Yahweh upang purihin Siya. Itinapon ni Yahweh ang mga kabayo at ang mga kawal sa dagat.

Exodus 15:2 Yahweh causes me to become strong. And Yahweh protects me. Yahweh saved me. Yahweh is my God. And I will praise Yahweh. Yahweh is my ancestors' God. And I will honor Yahweh.

Exodus 15:2 Ginawa ni Yahweh na maging malakas ako. At ipinagtanggol Niya ako. Iniligtas Niya ako. Siya ang aking Diyos. At pupurihin ko si Yahweh. Si Yahweh ang Diyos ng aking mga ninuno. Igagalang ko si Yahweh.

Exodus 15:3 Yahweh is a great soldier. Yahweh's name is Yahweh.

Exodus 15:3 Si Yahweh ay isang dakilang kawal. Yahweh ang pangalan ni Yahweh.



Exodus 15:4 Yahweh threw the king's chariots and his army into the sea. The king's best officers drowned in the Red Sea.

Exodus 15:4 Itinapon ni Yahweh ang mga karwahe at ang hukbo ng hari sa dagat. Nalunod ang pinakamahusay na mga opisyal ng hari sa Dagat na Pula.

Exodus 15:5 Deep water covered those soldiers. Those soldiers sank in the deep water like a stone sinks.

Exodus 15:5 Nalunod sa malalim na tubig ang mga kawal na iyon. Nalubog ang mga kawal na iyon sa malalim na tubig katulad ng paglubog ng isang bato.

Exodus 15:6 Your right hand is very strong. It broke the enemy into many pieces.

Exodus 15:6 Napakalakas ng Iyong kanang kamay. Pinagpirapiraso nito ang kaaway.

Exodus 15:7 You're very great. You destroyed the people who were fighting you. You were very angry and destroyed those people like a fire destroys dry straw.

Exodus 15:7 Napakadakila Mo. Nilipol Mo ang mga taong lumalaban sa Iyo. Nagalit Ka nang husto at nilipol Mo ang mga taong iyon katulad ng pagsilab ng apoy sa tuyong dayami.

Exodus 15:8 The water became two piles because you blew it. The water looked like a wall. The deep water changed into solid ground in the middle of the sea.

Exodus 15:8 Naging dalawang pader ang tubig dahil hinipan Mo ito. Nagkaroon ng matigas na lupa sa gitna ng dagat.

Exodus 15:9 The enemy was very proud. He said, "I'll chase the Israelites and will catch them. I'll take all of the Israelites' valuable things. I'll take all of the things that I want. I'll get my sword and destroy the Israelites."

Exodus 15:9 Napakayabang ng kaaway. Sinabi niya, "Hahabulin ko ang mga Israelita at huhulihin sila. Kukunin ko ang lahat ng mga mahahalagang bagay ng mga Israelita. Kukunin ko ang lahat ng mga bagay na gusto ko. Kukunin ko ang aking patalim at sisirain ang mga Israelita."

Exodus 15:10 But you blew at the sea. Then the sea covered our enemies. The enemies sank in the deep water like lead sinks in water.

Exodus 15:10 Ngunit hinipan Mo ang dagat. Pagkatapos ay tinabunan ng dagat ang aming mga kaaway. Lumubog ang mga kaaway sa malalim na tubig katulad ng lumulubog na tingga sa tubig.

Exodus 15:11 Yahweh, no gods are like you. You're holy. You're very powerful and perform great miracles.

Exodus 15:11 Yahweh, walang mga diyos na katulad Mo. Banal Ka. Napakamakapangyarihan Mo at gumagawa ng mga dakilang himala.

Exodus 15:12 You raised your right hand. And the earth swallowed our enemies.

Exodus 15:12 Itinaas Mo ang Iyong kanang kamay. At nilunok ng lupa ang ating mga kaaway.

Exodus 15:13 You always love us and will lead the people that you saved. You'll lead the people to your holy house with your power.

Exodus 15:13 Palagi Mo kaming minamahal. At aakayin Mo ang mga taong iniligtas Mo. Aakayin Mo ang mga tao patungo sa Iyong banal na bahay sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan.

Exodus 15:14 The other nations will hear about the great things that you did. And those nations will be terrified. The Philistines will be terrified and worry.

Exodus 15:14 Maririnig ng ibang mga bansa ang tungkol sa mga dakilang bagay na ginawa Mo at matatakot sila nang husto. Matatakot at mag-aalala nang husto ang mga Filisteo.

Exodus 15:15 The leaders of Edom will be terrified. And the leaders of Moab will shake because they are terrified. The people who are living in Canaan will run away from us.

Exodus 15:15 Matatakot nang husto ang mga pinuno ng Edom. At ang mga pinuno ng Moab ay mangingingin dahil sa takot. Tatakbo palayo sa atin ang mga taong naninirahan sa Canaan.

Exodus 15:16 The people who live in Canaan will become terrified. When those people see your power, they won't be able to move. They'll become like stones that aren't able to move. They won't be able to move until your people pass them. The people that you redeemed will pass those people.

Exodus 15:16 Matatakot nang husto ang mga taong naninirahan sa Canaan. Kapag nakita nila ang iyong kapangyarihan, hindi sila makakagalaw. Magiging katulad sila ng mga batong hindi makagalaw. Hindi sila makakagalaw hanggang makalampas sa kanila ang iyong bayan. Lalampasan ang mga taong iyon ng mga taong tinubos Mo.

Exodus 15:17 You'll bring your people to Canaan and give that land to them. Your people will live on the mountain that you gave to them. You made that mountain so that it would become your temple.

Exodus 15:17 Dadalhin Mo ang iyong bayan sa Canaan at ibibigay sa kanila ang lupaing iyon. Maninirahan ang iyong bayan sa bundok na ibinigay Mo sa kanila. Ginawa Mo ang bundok na iyon upang maging iyong templo.

Exodus 15:18 Yahweh rules forever and forever!"

Exodus 15:18 Maghahari magpakailanman si Yahweh!"

Exodus 15:19 When the king's horses, his chariots, and the king's army entered the sea, Yahweh covered them, with water. But the Israelites walked on a dry path through the sea.

Exodus 15:19 Nang pumasok ang mga kabayo, mga karwahe ng hari, at hukbo ng hari sa dagat, tinabunan ang mga ito ng tubig. Ngunit naglakad ang mga Israelita sa tuyong daan patawid ng dagat.

Exodus 15:20 Aaron's older sister named Miriam was a prophet. Miriam started playing a tambourine. And all of the women followed Miriam. Those women danced and played tambourines.

Exodus 15:20 Ang nakatatandang kapatid na babae ni Aaron na si Miriam ay isang propeta. Nagsimulang tumugtog si Miriam ng tamburin. At sumunod ang lahat ng mga babae kay Miriam. Sumayaw sila at tumugtog ng mga tamburin.

Exodus 15:21 Miriam said to those women, "Sing to Yahweh because he is wonderful. Yahweh threw the horses and the soldiers into the sea."

Exodus 15:21 Sinabi ni Miriam sa mga babaeng iyon, "Umawit kayo kay Yahweh dahil Kahangahanga Siya. Itinapon Niya ang mga kabayo at ang mga kawal sa dagat."

Exodus 15:22 Title: The Israelites complain about bitter water. Then Moses led the Israelites from the Red Sea to the desert named Shur. The Israelites traveled in the desert for three days. But they didn't find water.

Exodus 15:22 Pamagat: Nagreklamo ang mga Israelita tungkol sa mapait na tubig. Pagkatapos ay inakay ni Moises ang mga Israelita mula sa Dagat na Pula patungo sa disyerto ng Shur. Naglakbay ang mga Israelita sa disyerto sa loob ng tatlong araw, ngunit hindi sila nakakita ng tubig.

Exodus 15:23 Then the Israelites came to Marah. There was water at Marah. But the Israelites were not able to drink that water because it was bitter. Footnote: Marah means 'bitter'.

Exodus 15:23 Pagkatapos ay pumunta ang mga Israelita sa Mara. Mayroong tubig sa Mara. Ngunit hindi mainom ng mga Israelita ang tubig dahil mapait ang tubig na iyon. Talababa: 'mapait' ang kahulugan ng Mara.

Exodus 15:24 So the people complained to Moses. They asked Moses, "Which water will we drink?"

Exodus 15:24 Kaya't nagreklamo ang mga tao kay Moises. Tinanong nila si Moises, "Aling tubig ang iinumamin?"

Exodus 15:25 Then Moses cried out to Yahweh. So Yahweh showed a stick to Moses. Moses threw that stick into the water. Then the water was not bitter. So the people drank that water. Yahweh made laws for the Israelites at Marah and tested them.

Exodus 15:25 Pagkatapos ay tumawag si Moises kay Yahweh. Kaya't ipinakita ni Yahweh ang isang kahoy kay Moises. Inihagis ni Moises ang kahoy na iyon sa tubig. Pagkatapos ay nawala ang pait ng tubig. Kaya't ininom ng mga tao ang tubig na iyon. Gumawa si Yahweh ng mga kautusan para sa mga Israelita sa Mara at sinubukan ang mga Israelita.

Exodus 15:26 Yahweh said, "You have to listen to your God named Yahweh carefully. And you have to act correctly. You have to obey Yahweh's laws. If you do these things, I won't cause you to become sick. I caused the Egyptians to become sick. But I won't cause you to become sick. I'm Yahweh, who heals you."

Exodus 15:26 Sinabi ni Yahweh, "Dapat ninyong pakinggang mabuti ang inyong Diyos na si Yahweh at dapat kayong kumilos nang tama. Dapat ninyong tuparin ang mga kautusan ni Yahweh. Kung gagawin ninyo ang mga bagay na ito, hindi Ko gagawin na magkasakit kayo. Ginawa Kong magkasakit ang mga Egipto. Ngunit hindi Ko gagawin na magkasakit kayo. Ako si Yahweh na nagpapagaling sa ninyo."

Exodus 15:27 Then the people traveled to Elim. There were twelve springs and 70 palm trees at Elim. So the people camped at Elim near the water.

Exodus 15:27 Pagkatapos ay naglakbay ang mga tao patungo sa Elim. Mayroong labindalawang bukal at 70 puno ng Palma sa Elim. Kaya't nagkampo ang mga tao sa Elim malapit sa tubig.

Exodus 16:1 Title: The Israelites demand that Moses give food to them. All of the Israelites left Elim. Then they traveled to the desert named Sin, which was between Elim and Sinai. After the Israelites left Egypt, they arrived at Sin on the fifteenth day of the second month.

Exodus 16:1 Pamagat: Hinanapan ng mga Israelita si Moises ng pagkain. Umalis ang lahat ng mga Israelita sa Elim at naglakbay patungo sa disyerto ng Sin na nasa pagitan ng Elim at Sinai. Nang umalis ang mga Israelita sa Egipto, dumating sila sa Sin sa ikalabinlimang araw ng pangalawang buwan.

Exodus 16:2 But all of the Israelites started complaining to Moses and Aaron in the desert.

Exodus 16:2 Ngunit nagsimulang magreklamo ang lahat ng mga Israelita kina Moises at Aaron sa disyerto.

Exodus 16:3 The Israelites said to Moses and Aaron, "We wish that Yahweh killed us in Egypt. We had in Egypt pots that contained a lot of meat. And we ate a lot of food in Egypt. But you brought us to the desert now. And we'll starve here."

Exodus 16:3 Sinabi ng mga Israelita kina Moises at Aaron, "Sana ay pinatay na kami ni Yahweh sa Egipto. Mayroon kaming mga sisidlan na naglalaman nang maraming karne sa Egipto at kumakain kami ng maraming pagkain doon. Ngunit dinala mo kami ngayon sa disyerto. At mamamatay kami sa lugar na ito dahil wala kaming pagkain."

Exodus 16:4 Then Yahweh said to Moses, "I'll cause bread to fall from the sky like rain falls from there. All of the Israelites may eat this bread. Each day the people have to gather all of the bread that they

need for that day. I'll test the Israelites and find out whether the people will obey me or they won't obey me.

Exodus 16:4 Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Gagawin Kong maghulog ng tinapay mula sa langit katulad ng pagbagsak ng ulan mula doon. Maaaring kainin ng mga Israelita ang tinapay na ito. Sa bawat araw, dapat tipunin ng mga tao ang lahat ng tinapay na kinakailangan nila sa loob ng araw na iyon. Susubukan Ko ang mga Israelita. At malalaman Ko kung susundin nila Ako o hindi.

Exodus 16:5 On the sixth day of each week the Israelites have to gather more food so that they could eat it for two days. And they have to prepare that food on the sixth day."

Exodus 16:5 Sa ikaanim na araw ng bawat sanlinggo, dapat magtipon ang mga Israelita ng pagkain upang kainin nila iyon sa loob ng dalawang araw. At dapat nilang ihanda ang pagkaing iyon sa ikaanim na araw."

Exodus 16:6 So Moses and Aaron said to all of the Israelites, "This evening you'll know that Yahweh brought you from Egypt.

Exodus 16:6 Kaya't sinabi nina Moises at Aaron sa lahat ng mga Israelita, "Sa gabing ito, malalaman ninyong dinala kayo ni Yahweh mula sa Egipto.

Exodus 16:7 And in the morning you'll know that Yahweh is great. Yahweh heard you complaining. You weren't complaining to us. You were complaining to Yahweh."

Exodus 16:7 Sa kinaumagahan, malalaman ninyong dakila si Yahweh. Narinig Niya kayo na nagrereklamo. Hindi kayo nagrereklamo sa amin. Nagrereklamo kayo kay Yahweh."

Exodus 16:8 Moses also said, "Each evening Yahweh will give meat to you and each morning will give a lot of bread to you. Then you'll know that Yahweh is giving this food to you. Yahweh will give this food to you because he heard you complaining. You didn't complain to Aaron and me. You complained to Yahweh."

Exodus 16:8 Sinabi rin ni Moises, "Sa bawat gabi, bibigyan kayo ni Yahweh ng karne at sa kinaumagahan, bibigyan kayo ng maraming tinapay. Pagkatapos ay malalaman ninyong ibinibigay sa inyo ni Yahweh ang pagkaing ito. Ibibigay Niya sa inyo ang pagkaing ito dahil narinig Niya kayong nagrereklamo. Hindi kayo nagrereklamo sa amin ni Aaron. Nagreklamo kayo kay Yahweh."

Exodus 16:9 Then Moses said to Aaron, "Say to all of the Israelites, "Meet in front of Yahweh because he heard you complaining.""

Exodus 16:9 Pagkatapos ay sinabi ni Moises kay Aaron, "Sabihin mo sa lahat ng mga Israelita, "Magtipon kayo sa harapan ni Yahweh dahil narinig Niya kayong nagrereklamo.""

Exodus 16:10 While Aaron was speaking to all of the Israelites, they looked toward the desert. Then they saw Yahweh's glory appearing in the cloud.

Exodus 16:10 Habang nagsasalita si Aaron sa lahat ng mga Israelita, tumingin ang mga Israelita patungong disyerto. At nakita nila ang kaluwalhatian ni Yahweh na nasa ulap.

Exodus 16:11 Then Yahweh spoke to Moses.

Exodus 16:11 Pagkatapos ay nagsalita si Yahweh kay Moises.

Exodus 16:12 Yahweh said, "I heard the Israelites complaining. So say to the Israelites, "In the evenings you'll eat meat and in the mornings will eat a lot of bread so that you wouldn't be hungry. Then you'll know that I'm your God named Yahweh.

Exodus 16:12 Sinabi ni Yahweh, "Narinig Ko ang mga Israelitang nagrereklamo. Kaya't sabihin mo sa mga Israelita, "Tuwing gabi, kakain kayo ng karne. At sa kinaumagahan, kakain kayo ng maraming tinapay upang hindi kayo magutom. Pagkatapos ay malalaman ninyong Ako ang inyong Diyos na si Yahweh.

Exodus 16:13 In the evening many quails came to the place where the Israelites were camping. The quails covered the ground. And in the morning dew was on the ground.

Exodus 16:13 Kinagabihan, pumunta ang maraming pugo sa lugar kung saan nagkakampo ang mga Israelita. Natakpan ng mga ito ang lupa. At kinaumagahan, mayroong hamog sa lupa.

Exodus 16:14 After the dew became dry, there were thin flakes on the ground. Those flakes looked like frost on the desert.

Exodus 16:14 Matapos matuyo ang hamog, mayroong manipis na mga tinapay sa lupa. Ang mga ito ay katulad ng yelo sa disyerto.

Exodus 16:15 When the Israelites saw those flakes, they asked each other, "What are these flakes?" They didn't know that they should eat those flakes. So Moses said to the people, "These flakes are the bread that God gave to you so that you could eat them.

Exodus 16:15 Nang nakita ng mga Israelita ang mga tinapay na iyon, nagtanong sila sa isa't isa, "Ano ang mga tinapay na ito?" Hindi nila alam na dapat nilang kainin ang mga tinapay na iyon. Kaya't sinabi ni Moises sa mga tao, "Ang mga tinapay na ito ay ang tinapay na ibinigay sa inyo ng Diyos upang kainin ninyo.

Exodus 16:16 Yahweh commands you, "You have to gather bread for your families. Gather about 1.4 kilograms of bread for each person who is in your tent.""

Exodus 16:16 Inuutusan kayo ni Yahweh, "Dapat kayong kumuha ng tinapay para sa inyong mga pamilya. Tipunin ninyo ang may isa at kalahating kilo ng tinapay para sa bawat tao sa inyong tolda.""

Exodus 16:17 So the Israelites obeyed Moses. Some people gathered many flakes. Other people gathered a few flakes.

Exodus 16:17 Kaya't sinunod ng mga Israelita si Moises. Kumuha ang mga tao ng maraming tinapay. Kumuha ang iba ng kaunting tinapay.

Exodus 16:18 But the people who gathered many flakes didn't have too much food. And the people who gathered a few flakes had enough food. Each person gathered the food that he needed.

Exodus 16:18 Ngunit hindi nagkaroon ng maraming pagkain ang mga taong kumuha ng maraming tinapay. At ang kumuha ng kakaunting tinapay ay nagkaroon nang sapat na pagkain. Kumuha ang bawat tao ng pagkaing kinakailangan niya.

Exodus 16:19 Then Moses said to the Israelites, "Today you have to eat all of your flakes. Don't keep these flakes until the morning."

Exodus 16:19 Pagkatapos ay sinabi ni Moises sa mga Israelita, "Dapat ninyong kainin ang lahat ng inyong mga tinapay ngayong araw. Huwag ninyong itabi ang mga ito hanggang umaga."

Exodus 16:20 But some of the people didn't obey Moses. Those people kept some flakes. But in the morning maggots were eating those flakes. And those flakes smelled bad. So Moses became angry with those people.



Exodus 16:20 Ngunit hindi sinunod ng mga tao si Moises. Nagtabi ang mga taong iyon ng sobrang tinapay. Ngunit kinaumagahan, kinakain ng mga uod ang mga tinapay na iyon. At nag-amoy mabaho ang mga iyon. Kaya't nagalit si Moises sa mga tao.

Exodus 16:21 Each morning the Israelites gathered the food that they needed. In the afternoon when it was hot, the flakes that they didn't gather melted.

Exodus 16:21 Sa bawat umaga, tinipon ng mga Israelita ang pagkaing kinailangan nila. Sa hapong ang panahon ay mainit, natunaw ang mga tinapay na hindi nila tinipon.

Exodus 16:22 On the sixth day of the week the people gathered more food. They ate that food for two days. On the sixth day the Israelites gathered about 2.8 kilograms of bread for each person. The leaders of the people told Moses that the people gathered the food.

Exodus 16:22 Sa ikaanim na araw ng linggo, nagtipon pa ang mga tao ng pagkain. Kinain nila ang pagkaing iyon sa loob ng dalawang araw. Sa ikaanim na araw, tinipon ng mga Israelita ang mahalos 3 kilo ng tinapay para sa bawat tao. Sinabi ng mga pinuno ng mga tao kay Moises na tinipon ng mga tao ang pagkain.

Exodus 16:23 Moses said to those leaders, "Yahweh commands you, "Tomorrow you must not work because tomorrow is the Sabbath. The Sabbath is God's holy day. So you have to rest. So today bake the food that you want to bake. And today boil the food that you want to boil. Then keep the food that you don't eat today so that tomorrow you could eat it.""

Exodus 16:23 Sinabi ni Moises sa mga pinunong iyon, "Inuutusan kayo ni Yahweh, "Bukas ay hindi kayo dapat magtrabaho dahil ang bukas ay Araw ng Pamamahinga. Araw ng Pamamahinga ay ang banal na araw ng Diyos. Kaya't dapat kayong magpahinga. At iluto ninyo ang pagkaing gusto ninyong iluto ngayong araw. At ilaga ninyo ang pagkaing gusto ninyong ilaga ngayong araw. Pagkatapos ay itago ninyo ang pagkaing hindi ninyo kinakain ngayong araw upang bukas ay kumain kayo nito.""

Exodus 16:24 So the Israelites kept until the morning the food that they didn't eat like Moses commanded them. The next day that food didn't smell bad. And maggots weren't eating that food.

Exodus 16:24 Kaya't itinago ng mga Israelita hanggang umaga ang pagkaing hindi nila kinain katulad ng pag-uutos sa kanila ni Moises. Nang sumunod na araw, hindi nag-amoy mabaho ang pagkaing iyon. At hindi kinakain ng mga uod ang pagkaing iyon.

Exodus 16:25 Moses said to the people, "Today eat this food because today is the Sabbath for Yahweh. Today you won't find flakes on the ground.

Exodus 16:25 Sinabi ni Moises sa mga tao, "Kainin ninyo ang pagkaing ito ngayong araw dahil ngayon ay Araw ng Pamamahinga para kay Yahweh. Wala kayong makikitang mga tinapay sa lupa ngayong araw.

Exodus 16:26 Gather food for six days. But on the seventh day of the week there won't be food on the ground because it is the Sabbath.

Exodus 16:26 Magtipon kayo ng pagkain sa loob ng anim na araw. Ngunit sa ikapitong araw ng sanlinggo, walang pagkain sa lupa dahil ang araw na iyon ay Araw ng Pamamahinga.

Exodus 16:27 But some people didn't obey Moses. On the seventh day they went outside the camp to gather food. But they didn't find food.

Exodus 16:27 Ngunit hindi sinunod ng mga tao si Moises. Sa ikapitong araw, pumunta sila sa labas ng kampo upang manguha ng pagkain. Ngunit wala silang natagpuang pagkain.

Exodus 16:28 Then Yahweh said to Moses, "How long will you refuse to obey my commandments and my instructions?"

Exodus 16:28 Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Gaanong katagal kayo susuway sa aking mga Kautusan at Aking mga turo?"

Exodus 16:29 Remember that I gave the Sabbath to you. So I gave extra bread to you on the sixth day so that you could rest on it. You have to stay in the camp on the Sabbath. You must not leave the camp."

Exodus 16:29 Alalahanin ninyong ibinigay Ko sa inyo ang Araw ng Pamamahinga. Kaya't binigyan Ko kayo ng sobrang tinapay sa ikaanim na araw upang magpahinga kayo sa ikapitong araw. Dapat kayong manatili sa loob ng kampo sa Araw ng Pamamahinga. Hindi kayo dapat lumabas sa kampo."

Exodus 16:30 So the people rested on the seventh day.

Exodus 16:30 Kaya't nagpahinga ang mga tao sa ikapitong araw.

Exodus 16:31 The Israelites called that bread 'manna'. That bread was white like a coriander seed is white. And it tasted like honey. Footnote: The word 'manna' sounds like 'what is this thing?' in Hebrew.

Exodus 16:31 Tinawag ng mga Israelita ang tinapay na iyon na 'manna'. Kulay puti ang tinapay na iyon katulad ng kulay puting buto ng kulantro. At iyon lasang pulot. Talababa: Ang 'manna' ay katunog sa wikang Hebreo ng 'ano ang ang bagay na ito'?

Exodus 16:32 Moses said to the people, "Yahweh commands us to do certain things. Yahweh said, "Gather two quarts of manna and keep it so that your descendants could see the bread that I gave to you in the desert. When I brought you from Egypt, I gave this bread to you.""

Exodus 16:32 Sinabi ni Moises sa mga tao, "Inuutusan tayo ni Yahweh na gawin ang ilang mga bagay. Sinabi Niya, "Itabi ninyo ang dalawang litro ng manna. At itago ninyo ang mannang iyon upang makita ng inyong lipi ang tinapay na ibinigay Ko sa inyo sa disyerto. Nang inilabas Ko kayo sa Egipto, ibinigay Ko sa inyo ang tinapay na ito.""

Exodus 16:33 So Moses said to Aaron, "Get a jar and put two quarts of manna into it. Then put that jar in the place where we worship Yahweh. We'll keep that jar there so that our descendants could see this bread."

Exodus 16:33 Kaya't sinabi ni Moises kay Aaron, "Kumuha ka ng tapayan at ilagay ang dalawang litro ng manna sa loob tapayang iyon. Pagkatapos ay ilagay mo ang tapayang iyon sa lugar kung saan natin sinasamba si Yahweh. Itatago natin ang tapayang iyon sa lugar na iyon upang makita ng ating lipi ang tinapay na ito."

Exodus 16:34 Then Aaron obeyed Moses and Yahweh. Aaron put a jar that contained manna in front of the ark of the covenant so that the Israelites could protect it.

Exodus 16:34 Pagkatapos ay sinunod ni Aaron sina Moises at Yahweh. Naglagay siya sa harapan ng Kaban ng Tipan ng tapayang nilagyan ng manna upang bantayan iyon ng mga Israelita.

Exodus 16:35 The Israelites ate manna for forty years. They continued eating manna until they arrived at the border of Canaan. There was other food in Canaan.

Exodus 16:35 Kumain ang mga Israelita ng manna sa loob ng apatnapung taon. Nagpatuloy silang kumain ng manna hanggang sa dumating sila sa hangganan ng Canaan. Mayroong pang ibang pagkain sa Canaan.

Exodus 16:36 (Two quarts are one omer. One omer is one tenth of an ephah. The Israelites used omers and ephahs to measure food.)

Exodus 16:36 (Ang dalawang litro ay katumbas ng isang omer. Ang isang omer ay ang ika-sampung bahagi ng isang efa. Gumagamit ang mga Israelita ng mga omer at mga efa upang masukat ang pagkain.)

Exodus 17:1 Title: God causes water to flow from a stone. After the Israelites left the desert named Sin, they traveled to many places. They always went to the place where Yahweh commanded them to go. One day they camped at a place named Rephidim. But there was not water there. So the people became thirsty.

Exodus 17:1 Pamagat: Ginawa ng Diyos na dumaloy ang tubig mula sa isang bato. Nang umalis ang mga Israelita sa disyerto ng Sin, naglakbay sila patungo sa maraming lugar. Palagi silang pumupunta sa lugar na iniutos sa kanila ni Yahweh na puntahan. Isang araw, nagkampo sila sa lugar na tinatawag na Refidim. Ngunit walang tubig sa lugar na iyon. Kaya't nauhaw ang mga tao.

Exodus 17:2 So the Israelites complained to Moses. They said, "Find water for us so that we could drink it." But Moses said to the Israelites, "Why are you complaining to me? Why are you testing Yahweh?"

Exodus 17:2 Kaya't nagreklamo ang mga Israelita kay Moises. Sinabi nila, "Maghanap ka ng tubig para sa atin upang mainom namin iyon." Ngunit sinabi ni Moises sa mga Israelita, "Bakit kayo nagreklamo sa akin? Bakit ninyo sinusubukan si Yahweh?"

Exodus 17:3 But the Israelites were very thirsty. So they continued complaining to Moses. They said, "Why did you bring us from Egypt? Did you want to kill us, our children, and our livestock by not giving water to us?"

Exodus 17:3 Ngunit uhaw na uhaw ang mga Israelita. Kaya't nagpatuloy silang magreklamo kay Moises. Sinabi nila, "Bakit mo kami kinuha mula sa Egipto? Gusto mo bang mamatay kami, aming mga anak, at aming mga alagang hayop sa uhaw?"

Exodus 17:4 Then Moses cried out to Yahweh. Moses said, "What should I do for these people? These people will stone me soon!"

Exodus 17:4 Pagkatapos ay tumawag si Moises kay Yahweh. Sinabi niya, "Ano ang dapat kong gawin sa mga taong ito? Malapit na nila akong batuhin!"

Exodus 17:5 Yahweh said to Moses, "Walk in front of the people and take some of the leaders of the Israelites with you. And take the staff that you hit the water of Nile with.

Exodus 17:5 Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Maglakad ka sa unahan ng mga tao at isama mo ang mga pinunong Israelita. At dalhin mo ang tungkod na pinanghampas mo sa tubig ng Nilo.

Exodus 17:6 I'll stand in front of you by the stone that is at Horeb. Hit that stone. Then water will come from that stone. And the people may drink that water." So while the leaders were watching Moses, he hit that stone with his staff.

Exodus 17:6 Tatayo Ako sa harapan mo sa gilid ng batong nasa Horeb. Hampasin mo ang batong iyon. Pagkatapos ay aagos ang tubig mula sa bato at maaaring inumin ng mga tao ang tubig na iyon." Kaya't habang nakatingin ang mga pinuno kay Moises, hinampas niya ang batong iyon ng kanyang tungkod.

Exodus 17:7 Moses named that place Massah because the Israelites tested Yahweh there. The Israelites were asking, "Is Yahweh with us?" Moses also named that place Meribah because the Israelites argued with each other there. Footnote: Massah means, "Test." Footnote: And Meribah means, "Argue."

Exodus 17:7 Pinangalanan ni Moises ang lugar na iyon nang Masah dahil sinubukan ng mga Israelita si Yahweh sa lugar na iyon. Nagtanong sila, "Si Yahweh ay ba kasama natin?" Pinangalanan rin ni Moises ang lugar na iyon ng Meriba dahil nagkaroon ng pagtatalo ang mga Israelita sa lugar na iyon. Talababa: Nangangahulugan ang Masah na, "Sumusubok." Talababa: At nangangahulugan ang Meriba na, "Nagtatalo."

Exodus 17:8 Title: The Amalekites attack the Israelites. Then the Amalekites came to Rephidim and attacked the Israelites.

Exodus 17:8 Pamagat: Nilusob ng mga Amalekita ang mga Israelita. Pagkatapos ay pumunta ang mga Amalekita sa Refidim at nilusob ang mga Israelita.

Exodus 17:9 So Moses said to Joshua, "Choose some men and go to fight the Amalekites. Tomorrow I'll stand on the top of that hill and hold the staff that God gave to me."

Exodus 17:9 Kaya't sinabi ni Moises kay Josue, "Pumili ka ng mga lalaki at lusubin ang mga Amalekita. Bukas ay tatayo ako sa tuktok ng burol na iyon. At hahawakan ko ang tungkod na ibinigay sa akin ng Diyos."

Exodus 17:10 So Joshua obeyed Moses and fought the Amalekites. Then Moses, Aaron, and a man named Hur climbed to the top of that hill.

Exodus 17:10 Kaya't sinunod ni Josue si Moises at nilusob ang mga Amalekita. At umakyat sina Moises, Aaron, at ang lalaking nagngangalang Hur sa tuktok ng burol na iyon.

Exodus 17:11 Whenever Moses raised his hands, the Israelites were winning the battle. But whenever Moses didn't raise his hands, the Amalekites were winning the battle.

Exodus 17:11 Tuwing itinataas ni Moises ang kanyang mga kamay, nananalo ang mga Israelita sa labanan. Ngunit tuwing ibinababa ni Moises ang kanyang mga kamay, nananalo ang mga Amalekita sa labanan.

Exodus 17:12 When Moses' hands became tired, Aaron and Hur brought a big stone. Then Moses sat on that stone. Then Aaron and Hur raised Moses' hands. Aaron stood on one side of Moses. And Hur stood on the other side of Moses. Aaron and Hur held Moses' hands until the sun started setting.

Exodus 17:12 Nang napagod ang mga kamay ni Moises, nagdala sina Aaron at Hur ng isang malaking bato. Kaya't naupo si Moises sa batong iyon. At itinaas nina Aaron at Hur ang mga kamay ni Moises. Tumayo si Aaron sa isang gilid ni Moises. At tumayo si Hur sa kabila ni Moises. Hinawakan nina Aaron at Hur ang mga kamay ni Moises hanggang sa nagsimulang lumubog ang araw.

Exodus 17:13 So Joshua defeated the Amalekite's army.

Exodus 17:13 Kaya't tinalo ni Josue ang hukbo ng mga Amalekita.

Exodus 17:14 Then Yahweh said to Moses, "Write about this battle in a scroll so that people could remember it and read about it to Joshua because I'll destroy all of the Amalekites who live on the earth."

Exodus 17:14 Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Isulat mo ang tungkol ang labanang ito sa isang aklat upang maalala ito ng mga tao. At basahin mo ang tungkol sa labanang ito kay Josue dahil dudurugin Ko ang lahat ng mga Amalekitang naninirahan sa lupa."

Exodus 17:15 Then Moses built an altar and named it Jehovah Nissi. Footnote: Jehovah Nissi means 'Yahweh is my flag'.

Exodus 17:15 Pagkatapos ay gumawa si Moises ng altar at pinangalanan iyon nang Jehovah-Nissi.  
Talababa: Nangangahulugan ang Jehovah-Nissi na, 'si Yahweh ay aking watawat'.

Exodus 17:16 Moses said, "Yahweh will fight the Amalekites forever because I raised my hands toward his throne."

Exodus 17:16 Sinabi ni Moises, "Lalabanan ni Yahweh ang mga Amalekita magpakailanman dahil itinaas ko ang aking mga kamay patungo sa Kanyang trono."

Exodus 18:1 Title: Jethro visits Moses. A man named Jethro was Moses' father-in-law. Jethro was the priest of Midian. Jethro heard about all of the things that God did for Moses and the Israelites. And he heard that Yahweh led the Israelites from Egypt.

Exodus 18:1 Pamagat: Dinalaw ni Jetro si Moises. Ang lalaking nagngangalang Jetro ay biyenan ni Moises. Si Jetro ay saserdote ng Midian. Narinig niya ang tungkol sa lahat ng mga bagay na ginawa ng Diyos para kay Moises at sa mga Israelita. At narinig niyang inakay ni Yahweh ang mga Israelita mula sa Egipto.

Exodus 18:2 Previously Moses sent his wife named Zipporah to his father-in-law named Jethro.

Exodus 18:2 Noong una ay ipinadala ni Moises ang kanyang asawang si Zipora sa kanyang biyenang si Jetro.

Exodus 18:3 Moses also sent Zipporah's two sons to Jethro. One son's name was Gershom. When Zipporah gave birth to Gershom, Moses said, "I'm living in a country that I'm not from." Footnote: The word 'Gershom' sounds like 'foreigner' in Hebrew.

Exodus 18:3 Ipinadala rin ni Moises ang dalawang anak na lalaki ni Zipora kay Jetro. Gersom ang pangalan ng isang anak na lalaki. Nang ipinanganak ni Zipora si Gersom, sinabi ni Moises, "Naninirahan ako sa bansang hindi ko pinagmulan." Talababa: Ang 'Gersom' ay katunog ng salitang 'dayuhan' sa wikang Hebreo.

Exodus 18:4 The other son's name was Eliezer. When Zipporah gave birth to Eliezer, Moses said, "My father's God helps me. God saved me from the king of Egypt." Footnote: 'Eliezer' means 'my God helps me'.

Exodus 18:4 Eliezer ang pangalan ng isa pang anak na lalaki. Nang ipinanganak ni Zipora si Eliezer, sinabi ni Moises, "Tinutulungan ako ng Diyos ng aking ama. Iniligtas Niya ako mula sa hari ng Egipto." Talababa: Nangangahulugan ang 'Eliezer' na 'tinutulungan ako ng aking Diyos'.

Exodus 18:5 Moses' father-in-law named Jethro, Moses' sons, and his wife came to him in the desert. At that time Moses was camping near the mountain of God.

Exodus 18:5 Ang biyenan ni Moises na si Jetro, ang kanyang mga anak na lalaki, at ang kanyang asawa ay pumunta kay Moises sa disyerto. Sa oras na iyon, nagkakampo si Moises malapit sa bundok ng Diyos.

Exodus 18:6 Earlier Jethro sent a message to Moses. That message said, "I'm your father-in-law named Jethro. Your wife's two sons, your wife, and I are coming to you."

Exodus 18:6 Noong una ay nagpadala si Jetro ng isang mensahe kay Moises. Sinabi ng mensaheng iyon, "Ako ang iyong biyenan na si Jetro. Darating ako, ang iyong asawa at ang kanyang dalawang anak na lalaki."

Exodus 18:7 So Moses went to meet his father-in-law. Moses bowed and kissed his father-in-law. Moses and Jethro greeted each other. Then they entered his tent.

Exodus 18:7 Kaya't lumakad si Moises upang salubungin ang kanyang biyenan. Yumukod siya at hinalikan ang kanyang biyenan. Binati nina Moises at Jetro ang bawat isa at pumasok sila sa kanyang tolda.

Exodus 18:8 Moses told his father-in-law about all of the things that Yahweh did to the king of Egypt and the Egyptians for the Israelites. And Moses told Jethro about all of the problems that the Israelites had when they left Egypt. And Moses also told Jethro about all of the things that Yahweh did to save the Israelites.

Exodus 18:8 Sinabi ni Moises sa kanyang biyenan ang tungkol sa lahat ng mga bagay na ginawa ni Yahweh sa hari ng Egipto at mga Egipcio para sa mga Israelita. At sinabi niya kay Jetro ang tungkol sa lahat ng mga problemang nang umalis ang mga Israelita sa Egipto, mayroon sila. At sinabi rin niya kay Jetro ang tungkol sa lahat ng mga bagay na ginawa ni Yahweh upang iligtas ang mga Israelita.

Exodus 18:9 When Jethro heard about all of the things that Yahweh did for the Israelites, he was very happy. He was happy because Yahweh saved the Israelites from the Egyptians.



Exodus 18:9 Nang narinig ni Jetro ang tungkol sa lahat ng mga bagay na ginawa ni Yahweh para sa mga Israelita, naging napakasaya niya. Masaya siya dahil iniligtas ni Yahweh ang mga Israelita mula sa mga Egipcio.

Exodus 18:10 Jethro said, "I praise Yahweh. Yahweh saved you from the Egyptians and the king of Egypt and also saved the Israelites from them.

Exodus 18:10 Sinabi ni Jetro, "Pinupuri ko si Yahweh. Iniligtas ka ni Yahweh mula sa mga Egipcio at sa hari ng Egipto pati na rin ang mga Israelita mula sa mga Egipcio.

Exodus 18:11 Now I know that Yahweh is greater than all other gods. Yahweh did these things to the people who treated the Israelites badly."

Exodus 18:11 Alam ko na ngayong higit na dakila si Yahweh kaysa lahat ng ibang mga diyos. Ginawa Niya ang mga bagay na ito sa mga taong gumawa nang masama sa mga Israelita."

Exodus 18:12 Then Moses' father-in-law named Jethro brought an offering and other sacrifices to God. And Aaron and all of the leaders of the Israelites ate a meal with Jethro. And while those people were eating, God was with them.

Exodus 18:12 Kaya't ang biyenan ni Moises na si Jetro ay nagdala ng handog at ibang mga alay sa Diyos. At kumain sina Aaron at ang lahat ng mga pinunong Israelita kasama ni Jetro. At habang kumakain ang mga taong iyon, ang Diyos ay kasama nila.

Exodus 18:13 The next day Moses sat down to hear about the people's problems. Those people stood around Moses from the morning until the evening.

Exodus 18:13 Nang sumunod na araw, naupo si Moises upang makinig sa mga problema ng mga tao. Tumayo ang mga taong iyon paikot kay Moises mula umaga hanggang gumabi.

Exodus 18:14 Jethro saw Moses working for the people very hard. So Jethro said to Moses, "You're working for these people too hard. Why are you the only person who is listening to these people's problems? All of these people are standing around you from the morning until the evening."

Exodus 18:14 Nakita ni Jetro ang trabahong ginagawa ni Moises para sa mga tao. Kaya't sinabi niya kay Moises, "Nagtatrabaho ka masyadong mahirap para sa mga taong ito. Bakit ikaw ang tanging taong

nakikinig sa mga problema ng mga taong ito? Tumatayo ang lahat ng mga taong ito paikot sa iyo mula umaga hanggang gabi."

Exodus 18:15 Moses said to Jethro, "These people come to me so that I could tell them about the things that God wants to do.

Exodus 18:15 Sinabi ni Moises kay Jetro, "Pumupunta ang mga taong ito sa akin upang sabihin sa kanila ang tungkol sa mga bagay na gustong gawin ng Diyos.

Exodus 18:16 Whenever people argue with each other, they come to me. Then I listen to those people and judge them. And I teach those people about God's laws and his instructions."

Exodus 18:16 Tuwing nagtatalo ang mga tao, pumupunta sila sa akin. Pagkatapos ay pinakikinggan at hinahatulan ko ang mga taong iyon. At tinuturuan ko ang mga taong iyon nang tungkol sa mga kautusan at turo ng Diyos."

Exodus 18:17 Moses' father-in-law said, "You aren't acting wisely.

Exodus 18:17 Sinabi ng biyenang ni Moises, "Hindi ka kumikilos nang matalino.

Exodus 18:18 You and these people who come to you'll become tired. You're working too hard. You need a person who will help you.

Exodus 18:18 Mapapagod ka at ang mga taong pupunta sa iyo. Nagtatrabaho ka nang mahirap. Kailangan mo ng taong tutulong sa iyo.

Exodus 18:19 Listen to me. I'll advise you and hope that God will be with you. You have to speak to God for these people. You have to tell God about these people's problems.

Exodus 18:19 Pakinggan mo ako. Papayuhan kita at umaasa akong sasamahan ka ng Diyos. Dapat kang makipag-usap sa Diyos para sa mga taong ito. Dapat mong sabihin sa Diyos ang tungkol sa mga problema ng mga taong ito.

Exodus 18:20 Teach these people about God's laws and his instructions and tell them about the things that he wants them to do.

Exodus 18:20 Turuan mo ang mga taong ito nang tungkol sa mga kautusan at mga turo ng Diyos. At sabihin mo sa mga taong ito ang tungkol sa mga bagay na gusto ng Diyos na gawin nila.

Exodus 18:21 But choose some good men. Those men have to respect God. And other people have to trust those men. Those men have to be very honest. And they must not accept money from people. Then they'll become officials who will rule groups of Israelites. Some men will rule one thousand people. Other men will rule one hundred people. And other men will rule fifty people. And other men will rule ten people.

Exodus 18:21 Ngunit pumili ka ng mga mabubuting lalaki. Dapat ay iginagalang ng mga lalaking iyon ang Diyos. At dapat ay pinagkakatiwalaan ng ibang tao ang mga lalaking iyon. Kailangang matapat ang mga lalaking iyon at hindi dapat tumanggap ng pera mula sa mga tao. Kaya't magiging mga opisyal silang mamamahala sa mga grupo ng mga Israelita. Pamamahalaan ng iba ang 1,000 katao. Pamamahalaan ng ibang mga lalaki ang 100 katao. At pamamahalaan ng iba pa ang 50 katao at ng iba ang sampung tao.

Exodus 18:22 When the people argue with each other, those men will judge them. But they'll ask you to judge the difficult problems. They'll judge the easy problems. If you choose good men to become judges, you won't work too hard. And those men will work with you.

Exodus 18:22 Kapag nagtalo ang mga tao, hahatol sa kanila ang mga lalaking iyon. Ngunit pakikiusapan ka nilang hatulan ang mabibigat na mga problema. Hahatol sila sa mga madaling problema. Kung magtatalaga ka ng mabubuting lalaki para maging mga hukom, hindi ka magtatrabaho nang mahirap. At magtatrabaho ang mga lalaking iyon kasama mo.

Exodus 18:23 If you do these things, God will lead you. Then you won't become tired. And the judges will judge all of the people fairly. So all of the people will be satisfied."

Exodus 18:23 Kung gagawin mo ang mga bagay na ito, pangungunahan ka ng Diyos. Pagkatapos ay hindi ka mapapagod. At hahatulan ng mga hukom ang lahat ng mga tao nang makatarungan. Kaya't masisiyahan ang lahat ng mga tao."

Exodus 18:24 Moses listened to his father-in-law and did all of the things that he said.

Exodus 18:24 Pinakinggan ni Moises ang kanyang biyenan. At ginawa niya ang lahat ng mga bagay na sinabi nito.

Exodus 18:25 Moses chose good men from all of the Israelites to become leaders for the people. Some men ruled one thousand people. Some men ruled one hundred people. Some men ruled fifty people. And some men ruled ten people.

Exodus 18:25 Nagtalaga si Moises ng mabubuting mga lalaki mula sa lahat ng mga Israelita para maging mga pinuno sa mga tao. Pinamahalaan ng mga lalaki ang 1,000 katao. Pinamahalaan ng iba ang 100 katao. Pinamahalaan ng mga lalaki ang 50 katao. At pinamahalaan ng iba ang sampung tao.

Exodus 18:26 Those men judged the people each day. But they asked Moses to judge the difficult problems. And they judged the easy problems.

Exodus 18:26 Hinahatulan ng mga lalaking iyon ang mga tao sa bawat araw. Ngunit pinakiusapan nila si Moises na hatulan ang mabibigat na mga problema. At hinatulan nila ang madaling mga problema.

Exodus 18:27 Then Moses told his father-in-law to go. So Jethro returned to his country.

Exodus 18:27 Pagkatapos ay sinabi ni Moises sa kanyang biyenan na umuwi na. Kaya't bumalik si Jetro sa kanyang bansa.

Exodus 19:1 Title: The Israelites arrive at Mount Sinai. On the first day of the third month after the Israelites left Egypt, they arrived at the Sinai desert.

Exodus 19:1 Pamagat: Dumating ang mga Israelita sa Bundok ng Sinai. Sa unang araw ng ikatlong buwan, pagkaalis ng mga Israelita sa Egipto, dumating sila sa disyerto ng Sinai.

Exodus 19:2 After the Israelites left Rephidim, they entered the Sinai desert. They camped in that desert in front of Mount Sinai.

Exodus 19:2 Nang umalis ang mga Israelita sa Refidim, pumasok sila sa disyerto ng Sinai. Nagkampo sila sa disyertong iyon sa harapan ng Bundok ng Sinai.

Exodus 19:3 Then Moses climbed to the top of that mountain to meet with God. Yahweh called Moses from that mountain and said to him, "Speak to Jacob's descendants. And speak to the people of Israel.

Exodus 19:3 Pagkatapos ay umakyat si Moises sa tuktok ng bundok na iyon upang makipag-ugnay sa Diyos. Tinawag ni Yahweh si Moises mula sa bundok na iyon at sinabi sa kanya, "Magsalita ka sa lipi ni Jacob at sa mga tao ng Israel.

Exodus 19:4 Say to the Israelites, "All of you saw the things that I did to the people of Egypt. You saw that I carried you from Egypt. I carried you like an eagle carries his babies on his wings. Then I brought you to me here.

Exodus 19:4 Sabihin mo sa mga Israelita, "Nakita ninyong lahat ang mga bagay na ginawa Ko sa mga Egipcio. Nakita ninyong dinala Ko kayo mula sa Egipto katulad ng pagdala ng isang agila sa mga inakay sa mga pakpak nito. Pagkatapos ay dinala Ko kayo sa Akin sa lugar na ito.

Exodus 19:5 If you obey me now, and if you keep my covenant, you'll belong to me. You'll be like my treasure. There are many nations on the earth. Although the whole earth belongs to me, I chose you.

Exodus 19:5 Kung susundin ninyo Ako ngayon at tutuparin ang Aking tipan, kayo ay magiging Akin. Kayo ay magiging parang kayamanan ko. Maraming bansa sa lupa. Kahit ang buong lupa ay sa Akin, kayo ang pinili Ko.

Exodus 19:6 You'll be my priests and be my holy nation." Moses, you have to tell those things to the Israelites."

Exodus 19:6 Kayo ay Aking mga saserdote Ko at Aking banal na bansa." Moises, dapat mong sabihin ang mga bagay na iyon sa mga Israelita."

Exodus 19:7 Then Moses went down the mountain and called the leaders of the people. Then he told those leaders about all of the things that God commanded him to say.

Exodus 19:7 Pagkatapos ay bumaba si Moises sa bundok at tinawag ang mga pinuno ng mga tao. At sinabi niya sa mga pinunong iyon ang tungkol sa lahat ng mga bagay na iniutos sa kanya ng Diyos.

Exodus 19:8 All of the people said, "We'll do all of the things that Yahweh said." So Moses returned to Yahweh and told him that the Israelites will obey him.

Exodus 19:8 Sinabi ng lahat ng mga tao, "Gagawin namin ang lahat ng mga bagay na sinabi ni Yahweh." Kaya't bumalik si Moises kay Yahweh at sinabi na susundin Siya ng mga Israelita.

Exodus 19:9 Then Yahweh said to Moses, "I'll come to you. I'll be in a dark cloud. Then I'll speak to you. And the people will hear me speaking. Then they'll always trust you." Then Moses told Yahweh that the people promised him that they would obey him.

Exodus 19:9 Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Pupunta Ako sa iyo sa madilim na ulap at magsasalita Ako sa iyo. At maririnig Ako ng mga tao na nagsasalita. Pagkatapos ay palagi na nilang pagtitiwalaan ka." At sinabi ni Moises kay Yahweh na ipinangako ng mga tao na susundin nila Siya.

Exodus 19:10 And Yahweh said to Moses, "Go to the people and tell them to prepare to meet me. Today and tomorrow the people have to prepare. They have to wash their clothes.

Exodus 19:10 At sinabi ni Yahweh kay Moises, "Pumunta ka sa mga tao at sabihin sa kanilang maghanda upang humarap sa Akin. Maghanda sila ngayong araw at bukas. Dapat nilang labhan ang kanilang mga damit.

Exodus 19:11 On the third day the people have to be ready to meet me. That day I'll come down to Mount Sinai. And all of the people will see me.

Exodus 19:11 Sa ikatlong araw, magtatagpo Kami ng mga tao. Sa araw na iyon, bababa Ako sa Bundok ng Sinai. At makikita Ako ng lahat ng mga tao.

Exodus 19:12 But you must not allow the people to go near the mountain. Say to the people, "Don't go near this mountain and don't touch the bottom of this mountain. If a person touches the mountain, people have to kill him.

Exodus 19:12 Ngunit hindi mo dapat pahintulutan ang mga tao na lumapit sa bundok. Sabihin mo sa mga tao, "Huwag kayong lumapit sa bundok na ito at huwag hipuin ang hangganan ng bundok na ito. Kung hihipuin ng tao ang bundok, dapat siyang patayin ng mga tao.

Exodus 19:13 If a person touches the mountain, you have to stone him. Don't touch that person. If a person or an animal touches the mountain, you have to kill that person or that animal. But after I leave the mountain, I'll blow a trumpet. After the people hear that trumpet, they may go near the mountain."

Exodus 19:13 Kung hihipuin ng tao ang bundok, dapat ninyo siyang batuhin. Huwag ninyong hipuin ang taong iyon. Kung hihipuin ng tao o hayop ang bundok, dapat ninyo silang patayin. Ngunit pagkatapos Akong umalis sa bundok, hihip Ako ng trumpeta. Pagkatapos dinggin ng mga tao ang trumpetang iyon, maaari silang lumapit sa bundok."

Exodus 19:14 So Moses went down the mountain to the people. Then he told the people to prepare to worship God. And the people washed their clothes.

Exodus 19:14 Kaya't bumaba si Moises sa bundok, at pumunta sa mga tao. Pagkatapos ay sinabi niya sa mga tao na maghanda upang sambahin ang Diyos. At hinugasan ng mga tao ang kanilang mga damit.

Exodus 19:15 Then Moses said to the people, "Prepare in three days to meet Yahweh. You must not sleep with a person during the three next days."

Exodus 19:15 Pagkatapos ay sinabi ni Moises sa mga tao, "Maghanda kayo sa tatlong araw upang magtagpo kay Yahweh. Hindi kayo dapat sumiping sa tao sa susunod na tatlong araw."

Exodus 19:16 On the morning of the third day there was a dark cloud on the mountain. And there were lightning and thunder. There was a trumpet's loud sound. All of the people who were in the camp became afraid.

Exodus 19:16 Sa umaga ng ikatlong araw, mayroong madilim na ulap sa bundok. At mayroong kidlat at kulog. Mayroong malakas na tunog ng trumpeta. Natakot ang lahat ng mga taong nasa kampo.

Exodus 19:17 Then Moses led the people from the camp to meet with God. The people stood near the bottom of the mountain.

Exodus 19:17 Pagkatapos ay inakay ni Moises ang mga tao mula sa kampo upang maugnay kasama ng Diyos. Tumayo ang mga tao malapit sa hangganan ng bundok.

Exodus 19:18 Smoke was covering Mount Sinai because Yahweh came down to the mountain in fire. And smoke was rising from the mountain like smoke rises from a furnace. The whole mountain shook greatly.

Exodus 19:18 Natatakpan ng usok ang Bundok ng Sinai dahil bumaba si Yahweh sa bundok sa anyo ng apoy. At pumapaitaas ang usok mula sa bundok katulad ng usok mula sa isang pugon. Nayanig ang buong bundok.

Exodus 19:19 The trumpet's sound continued becoming louder. Then Moses spoke. And God spoke to Moses.

Exodus 19:19 Palakas ng palakas ang tunog ng tambuli. Pagkatapos ay nagsalita si Moises at nagsalita ang Diyos kay Moises.

Exodus 19:20 Yahweh came down to the top of Mount Sinai and called Moses. Yahweh told Moses to climb to the top of the mountain. So Moses climbed the mountain.

Exodus 19:20 Bumaba si Yahweh sa tuktok ng Bundok ng Sinai at tinawag si Moises. Sinabi Niya kay Moises na umakyat sa tuktok ng bundok. Kaya't umakyat si Moises sa tuktok.

Exodus 19:21 Yahweh said to Moses, "Go down the mountain and warn the people that they must not see me. If the people try to see me, many people will die.

Exodus 19:21 Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Bumaba ka sa bundok at balaan ang mga tao na hindi nila Ako dapat makita. Kung susubukan ng mga tao na tingnan Ako, mamamatay ang maraming tao.

Exodus 19:22 When the priests are serving me, they come near me often. But today they also have to prepare to meet with me. If the priests don't prepare to meet with me, I'll punish them."

Exodus 19:22 Kapag naglilingkod ang mga saserdote sa Akin, madalas silang lumalapit sa Akin. Ngunit dapat silang maghanda rin ngayong araw upang makipag-ugnay sa Akin. Kung hindi handa ang mga saserdote upang makipag-ugnay sa Akin, parurusahan Ko sila."

Exodus 19:23 Moses said to Yahweh, "The people won't climb Mount Sinai. You already warned us that we must not climb this mountain. This mountain is holy."

Exodus 19:23 Sinabi ni Moises kay Yahweh, "Hindi aakyat ang mga tao sa Bundok ng Sinai. Binalaan Mo kami na hindi namin dapat akyatin ang bundok na ito. Banal ang bundok na ito."

Exodus 19:24 Yahweh said to Moses, "Go down this mountain and bring Aaron to the top of this mountain. But the priests and the people must not climb this mountain. If the people climb this mountain, I'll punish them."

Exodus 19:24 Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Bumaba ka sa bundok na ito at dalhin si Aaron dito sa tuktok. Ngunit hindi dapat umakyat ang mga saserdote at ang mga tao sa bundok na ito. Kung aakyat ang mga tao sa bundok na ito, parurusahan Ko sila."

Exodus 19:25 So Moses went down the mountain to the people and told them about all of the things that God said to him.



Exodus 19:25 Kaya't bumaba si Moises sa bundok, at pumunta sa mga tao. At sinabi niya sa mga tao ang tungkol sa lahat ng mga bagay na sinabi ng Diyos sa kanya.

Exodus 20:1 Title: God gives the ten commandments to the Israelites. Then God spoke to Moses and the Israelites.

Exodus 20:1 Pamagat: Ibinigay ng Diyos ang Sampung Utos sa mga Israelita. Pagkatapos ay nagsalita ang Diyos kay Moises at sa mga Israelita.

Exodus 20:2 God said, "I'm your God named Yahweh. I led you from Egypt, where you were slaves.

Exodus 20:2 Sinabi ng Diyos, "Ako ang inyong Diyos na si Yahweh. Inakay Ko kayo mula sa Egipto kung saan kayo ay mga alipin.

Exodus 20:3 You must not worship other gods. You have to worship me.

Exodus 20:3 Hindi ninyo dapat sambahin ang ibang mga diyos. Ako ang dapat ninyong sambahin.

Exodus 20:4 You must not make an idol that you worship. Don't make an idol that looks like something that is in the sky, something that is on the earth, or something that is in the water.

Exodus 20:4 Hindi kayo dapat gumawa ng diyus-diyosang sasambahin ninyo. Huwag kayong gumawa ng diyus-diyosang may anyo ng isang bagay na nasa himpapawid, nasa lupa o nasa tubig.

Exodus 20:5 You must not bow to an idol. And you must not worship an idol. I'm your God named Yahweh and am the jealous God. A person who hates me might sin against me. But I'll punish that person's children, his grandchildren, and his descendants.

Exodus 20:5 Hindi kayo dapat yumukod sa diyus-diyosan at hindi dapat sumamba doon. Ako ang inyong Diyos na si Yahweh at Ako ay Diyos mapanibughuin. Nagkakasala laban sa Akin ang isang taong napopoot sa Akin. At parurusahan Ko ang mga anak ng taong iyon, kanyang mga apo at ang kanyang lipi.

Exodus 20:6 But I'll love forever each person who loves me and obeys me. And I will also love that person's descendants.

Exodus 20:6 Ngunit mamahalin Ko magpakailanman ang bawat taong nagmamahal sa Akin at sumusunod sa Akin. At mamahalin Ko rin ang lipi ng taong iyon.

Exodus 20:7 You must not say the name of your God named Yahweh carelessly. Yahweh will certainly punish each person who says his name carelessly.

Exodus 20:7 Hindi ninyo dapat sabihin ang pangalan ng inyong Diyos na si Yahweh nang walang kabuluhan. Siguradong parurusahan ni Yahweh ang bawat taong magbababnggit ng Kanyang pangalan nang walang kabuluhan.

Exodus 20:8 Celebrate the Sabbath. The Sabbath belongs to me.

Exodus 20:8 Ipagdiwang ninyo ang Araw ng Pamamahinga. Ang Araw ng Pamamahinga ay sa Akin.

Exodus 20:9 You should work for six days. Do all of your work in six days.

Exodus 20:9 Dapat kayong magtrabaho sa loob ng anim na araw. Gawin ninyo ang lahat ng inyong trabaho sa loob ng anim na araw.

Exodus 20:10 But the seventh day is for Yahweh, who is your God. You must not work on that day. And don't allow your sons or your daughters to work. And don't allow your male servants, your female servants, or your animals to work. And that day don't allow the foreigners who are living in your towns to work.

Exodus 20:10 Ngunit ang ikapitong araw ay para kay Yahweh na inyong Diyos. Hindi kayo dapat magtrabaho sa araw na iyon. At huwag ninyong payagan ang inyong mga anak na lalaki o mga anak na babae na magtrabaho. At huwag ninyong payagan ang mga lalaking alipin, mga babaeng alipin o ang inyong mga hayop na magtrabaho. At sa araw na iyon, huwag ninyong payagan ang mga dayuhang naninirahan sa inyong mga bayan na magtrabaho.

Exodus 20:11 You have to work for six days because Yahweh created all things in six days. In six days Yahweh created the heavens, the earth, the sea, and all of the creatures that lived in the sky, on the earth, and in the sea. But on the seventh day he rested. So he blessed the seventh day and caused the seventh day to be holy.

Exodus 20:11 Dapat kayong magtrabaho sa loob ng anim na araw dahil nilikha ni Yahweh ang lahat ng mga bagay sa loob ng anim na araw. Sa anim na araw, nilikha Niya ang mga langit, lupa, dagat at lahat ng

mga nilalang na naninirahan sa himpapawid, sa lupa, at sa dagat, ngunit sa ikapitong araw, nagpahinga Siya. Kaya't pinagpala Niya ang ikapitong araw at ginawa Niyang banal ito.

Exodus 20:12 Honor your father and your mother. Then you'll live for many years in the land that I'll give to you.

Exodus 20:12 Igalang ninyo ang inyong ama at inyong ina. Anupa't mabubuhay kayo sa loob ng maraming taon sa lupaing ibibigay Ko sa inyo.

Exodus 20:13 Don't murder people.

Exodus 20:13 Huwag kayong papatay ng tao.

Exodus 20:14 Don't sleep with a person who isn't your spouse.

Exodus 20:14 Huwag kayong sumiping sa taong hindi ninyo asawa.

Exodus 20:15 Don't steal things.

Exodus 20:15 Huwag kayong magnanakaw.

Exodus 20:16 Don't say false things about your neighbor.

Exodus 20:16 Huwag kayong magsinungaling laban sa inyong kapwa.

Exodus 20:17 Don't covet your neighbor's house. Don't covet your neighbor's wife. Don't covet your neighbor's male servant or his female servant. Don't covet your neighbor's ox or his donkey and don't covet anything that belongs to him."

Exodus 20:17 Huwag ninyong pagnasaan ang bahay ng inyong kapwa. Huwag ninyong pagnasaan ang asawang babae ng inyong kapwa. Huwag ninyong pagnasaan ang lalaking alipin o babaeng alipin ng inyong kapwa. Huwag ninyong pagnasaan ang baka o asno ng inyong kapwa. At huwag ninyong pagnasaan ang isang bagay na pag-aari ng inyong kapwa."

Exodus 20:18 The people heard the thunder and the trumpet's sounds and saw the lightning and the smoke that was covering the mountain. So they were terrified and didn't go near the mountain.

Exodus 20:18 Narinig ng mga tao ang kulog at mga tunog ng trumpeta. At nakita nila ang kidlat at usok na tumatakip sa bundok. Kaya't natakot sila nang husto at hindi lumapit sa bundok.

Exodus 20:19 The people said to Moses, "You speak to us. And we'll listen to you. But don't let God speak to us. If God speaks to us, we'll die."

Exodus 20:19 Sinabi ng mga tao kay Moises, "Magsasalita ka sa amin at pakikinggan ka namin. Ngunit huwag mong pabayaang magsalita ang Diyos sa amin. Kung magsasalita ang Diyos sa amin, mamamatay kami."

Exodus 20:20 Moses said to the people, "Don't be afraid. God came to this mountain to test you. He wants you to respect him so that you wouldn't sin."

Exodus 20:20 Sinabi ni Moises sa mga tao, "Huwag kayong matakot. Pumunta ang Diyos sa bundok na ito upang subukin kayo. Gusto Niyang igalang ninyo Siya upang hindi kayo magkasala."

Exodus 20:21 While Moses was going near the dark cloud that God was in, the people were far from the mountain.

Exodus 20:21 Habang lumalapit si Moises sa madilim na ulap kung saan naroon ang Diyos, nasa malayo ang mga tao.

Exodus 20:22 Then Yahweh said to Moses, "Say to the Israelites, "You saw me speaking to you from heaven.

Exodus 20:22 Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh kay Moises, "Sabihin mo sa mga Israelita, "Nakita ninyo Akong nagsasalita sa inyo mula sa langit.

Exodus 20:23 Don't make other gods that you'll worship. Don't make silver gods or gold gods.

Exodus 20:23 Huwag kayong gagawa ng mga diyus-diyosan na sasambahin ninyo. Huwag kayong gagawa ng mga diyus-diyosang pilak o ginto.

Exodus 20:24 Make an altar for me with dirt and sacrifice your offerings to me there. Sacrifice your sheep, your goats, and your cows on that altar. Worship me there. Then I'll come to you and bless you.

Exodus 20:24 Gumawa kayo ng altar mula sa lupa at ialay ang inyong mga handog sa Akin sa altar na iyon. Ihandog ninyo ang tupa, mga kambing at mga baka sa altar na iyon. Sambahin ninyo Ako sa lugar na iyon. Pagkatapos ay pupuntahan Ko kayo at pagpapalain.

Exodus 20:25 If you make an altar for me with stones, don't cut them with a tool. If you cut the stones with a tool, they won't be good.

Exodus 20:25 Kung gagawa kayo ng isang altar mula sa mga bato para sa Akin, huwag ninyong tatapyasin ang mga bato. Kung tatapyasin ninyo ang mga bato, hindi maaaring gamitin ang mga ito.

Exodus 20:26 And don't make steps so that a person could go up to my altar. If you go up those steps, people might look under your clothes."

Exodus 20:26 At huwag kayong gumawa ng mga hagdan sa Aking altar. Kung aakyat kayo sa mga hagdang iyon, baka masilipan kayo sa ilalim ng inyong mga damit."